# PATNUBAY SA
# Mga Serbisyo ng Medi-Cal sa Pangkaisipang Kalusugan



Los Angeles County-Tagalog
Revised June 2005

***Kung mayroon kang emerhensiya, mangyaring tumawag sa 9-1-1 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.***

***Kung nais mo ng karagdagang impormasyon upang tulungan kang magpasiya kung ito ay isang emerhensiya, mangyaring tingnan ang impormasyon ng Estado ng California sa pahina 6 ng buklet na***

## Paano Makakakuha Ng Isang Listahan ng Tagapagbigay:

Maaari kang humiling, at dapat ito ibigay sa iyo ng iyong Mental Health Plan (MHP), ng isang direktoryo ng mga tao, mga klinika at mga ospital kung saan ka makakakuha ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa iyong lugar. Ito ay tinatawag na isang 'listahan ng tagapagbigay' at nilalaman nito ang mga pangalan, mga telepono at mga address ng mga doktor, mga therapist, mga ospital at ibang mga lugar kung saan maaari kang makakuha ng tulong. Maaaring kailangan mong kontakin ang iyong MHP muna bago ka humanap ng tulong. Tawagan ang 24-oras na libreng telepono ng iyong MHP sa itaas upang humiling ng isang listahan ng tagapagbigay at magtanong kung kailangan mong kontakin ang MHP bago pumunta sa isang opisina ng tagabagpigay ng serbisyo, klinika o ospital para sa tulong.

Disponible en Español

## Sa Anong Ibang Mga Wika At Mga Format Makukuha Ang Mga Materyales Na Ito?

Este folleto (o información) esta disponible en Español. Usted puede solicitarlo llamando al número de teléfono gratuito mencionado anteriormente.

Có bản tiếng Việt của tập sách (hoặc tài liệu) này. Quý vị có thể gọi số điện thoại miễn phí ở trên để xin bản tiếng Việt.

本小冊子（或資訊）有繁體中文版，
請致電以上免費專線查詢。

Phau ntawv no (los sis cov lus no) muaj ua lus Hmoob. Koj nug tau cov no uas hu tus xov tooj hu dawb saum toj no.

يتوفر هذا الكتيب(او هذه المعلومات) باللغة العربية. و يمكنك طلب نسخة بواسطة الإتصال برقم الهاتف المجاني المبين أعلاه.

Դուք կարող եք ստանալ այս գրքույկը (կամ տեղեկությունը) հայերեն լեզվով՝ զանգահարելով վերը նշված անվճար հեռախոսահամարով:

កូនសៀវភៅ(រឺពត៌មាន)នេះ អាចមានជាភាសាខ្មែរ។ អ្នកអាចសុំវាដោយគ្រាន់តែ ទូរស័ព្ទទៅកាន់លេខដែលឥតគិតថ្លៃ ដូចបានរាយខាងលើ។

Данная брошюра также доступна на русском языке. Вы можете попросить предоставить ее вам, позвонив по бесплатному номеру телефона, указанному выше.

TAng buklet (o impormasyon) ay makukuha sa Tagalog. Maaari mo itong hilingin sa pamamagitan ng pagtawag sa walang bayad na telepono na nakalista sa itaas.

این دفترچه (یا اطلاعات) بزبان فارسی موجود است. شما میتوانید از طریق شماره تلفن رایگان درج شده در فوق آنرا درخواست کنید.

본 책자(또는 정보)는 한국어로 이용이 가능하며, 위에 수록된 무료전화번호로 연락하여 요청하실 수 있습니다.

# Pasimula sa Mga Serbisyo ng Medi-Cal sa Pangkaisipang Kalusugan

## Bakit Ko Natanggap Ang Buklet Na Ito At Bakit Ito Mahalaga?

Natatanggap mo ang buklet na ito dahil ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal at kailangan mong malaman ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na ibinibigay ng Los Angeles County at kung paano mo makukuha ang mga serbisyo na ito kung kailangan mo ang mga ito.

Kung tumatanggap ka ngayon ng mga serbisyo mula sa Los Angeles County, inilalarawan lamang ng buklet na ito kung paano nagagamit ang mga serbisyong ito. Inilalarawan ng buklet na ito ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, ngunit hindi nito babaguhin ang mga serbisyo na kinukuha mo. Itago mo ang buklet na ito upang mabasa mo ito muli sa ibang panahon.

***Kung nahihirapan kang maunawaan ang buklet na ito, mangyaring tawagan ang MHP sa (800) 854-7771 upang humingi ng tulong o upang malaman ang ibang mga paraan kung paano mo makukuha ang mahalagang***

Kung hindi ka kumukuha ng mga serbisyo ngayon, itago mo ang buklet na ito kung sakaling kailangan mo o ng ibang taong kilala mo malaman ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa hinanarap.

## Ano Ang Isang Emerhensiya sa Pangkaisipang Kalusugan?

**Ang isang emerhensiya ay isang malubhang pangkaisipan o emosyonal na problema tulad ng:**
Kapag ang isang tao ay isang panganib sa kanyang sarili o sa ibang tao dahil sa isang bagay na parang sakit sa isip, o
Kapag ang isang tao ay hindi makakuha o makagamit sa pagkain, silungan o kasuotan na kailangan nila dahil sa isang bagay na parang sakit sa isip.

**Sa isang emerhensiya, mangyaring tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa isang emergency room ng ospital.**

## Paano Ko Gagamitin Ang Buklet Na Ito?

Ang buklet na ito ay tutulong sa iyo na malaman kung ano ang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, kung sino ang makakakuha sa kanila, at kung paano ka makakakuha ng tulong mula sa Los Angeles County MHP.

Ang buklet na ito ay mayroong dalawang seksyon. Inilalarawan ng unang seksyon kung paano kumuha ng tulong mula sa Los Angeles County MHP at kung paano ito gagamitin

Ang pangalawang seksyon ay mula sa Estado ng California at magbibigay sa iyo ng mas pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga espesyal na

serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Inilalarawan nito kung paano kumuha ng ibang mga serbisyo, paano lutasin ang mga problema, at kung ano ang iyong mga karapatan sa ilalim ng programa.

Inilalarawan din ng buklet na ito kung paano kumuha ng impormasyon tungkol sa mga doktor, mga klinika at mga ospital na ginagamit ng Los Angeles County MHP upang magbigay ng mga serbisyo at ang kanilang mga kinaroroonan.

## Ano Ang Mental Health Plan (Plano sa Pangkaisipang Kalusugan) (MHP) Ng Aking County?

Ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan ay makukuha ng mga taong may Medi-Cal, kabilang ang mga bata, mga kabataan, mga taong may sapat na gulang at mga matatanda sa Los Angeles County.

Kung minsan, ang mga serbisyo na ito ay makukuha mula sa iyong regular na doktor. Kung minsan, ibinibigay ang mga ito ng isang espesyalista, at tinatawag na mga 'espesyal' na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Ang mga espesyal na serbisyo ay ibinibigay sa pamamagitan ng Los Angeles County "Mental Health Plan (Plano sa Pangkaisipang Kalusugan)" o (MHP), na hiwalay sa iyong regular na doktor. Ang Los Angeles County MHP ay pinamamahalaan sa ilalim ng mga patakaran na itinakda ng Estado ng California at ng pederal na pamahalaan. Ang bawat county sa California ay mayroong sariling MHP.

***Maaari ka ring humiling ng isang State Fair Hearing. Mangyaring tingnan ang pahina 26 sa Estado ng California na seksyon ng buklet na ito para sa karagdagang impormasyon.***

> Kung sa palagay mo ay mayroon kang problema sa pangkaisipang kalusugan, maaari mong kontakin ang Los Angeles County MHP nang tuwiran sa **(800) 854-7771**. Ito ay isang walang bayad na telepono na matatawagan 24 oras bawat araw, pitong araw bawa't linggo. Ang pasalitang pagsasalin ng iyong mga karapatan, mga benepisyo at mga paggamot ay makukuha sa wikang gusto mo. Hindi mo na kailangang puntahan muna ang iyong regular na doktor o humingi ng pahintulot o isang referral bago ka tumawag.

Kung naniniwala ka na makikinabang ka sa mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at na ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal, tutulungan ka ng Los Angeles County MHP na malaman kung maaari kang kumuha ng mga paggamot at serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Kung nais mong kumuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga takdang serbisyo, mangyaring tingnan ang mga seksyon tungkol sa 'Mga Serbisyo' sa Estado ng California sa pahina 9 ng buklet na ito.

## Paano Kung Nahihirapan Akong Kumuha Ng Tulong?

Kung nahihirapan kang kumuha ng tulong, mangyaring tawagan ang walang bayad na telepono ng Los Angeles County MHP sa **(800) 854-7771**. Maaari mo ring tawagan ang Patient's Right Advocate (Tagapagtanggol ng Mga Karapatan ng Pasyente) ng iyong county sa **(800) 700-9996**.

**Kung hindi nito nilulutas ang iyong problema, maaari mong tawagan ang Ombudsman ng Estado ng California para humingi ng tulong:**
**(800) 896-4042 - CA Lamang**
**(916) 654-3890**
**(800) 896-2512 TTY**
**FAX: (916) 653-9194**
**EMail: ombudsman@dmh.ca.gov**

Mga Serbisyo ng Medi-Cal sa Pangkaisipang Kalusugan

# Mga Nilalaman

## Los Angeles County

Los Angles County

***Maligayang Bati Sa Los Angeles County Mental Health Plan** (Plano sa Pangkaisipang Kalusugan)* ........ 1
***Saligang Emerhensiyang Impormasyon***
Mga Mahalagang Numero ng Telepono ........ 2
Paano Ko Malalaman Kung Kailangan Ng Isang Tao Ng Tulong Kaagad? ........ 2
Ano Ang Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Na Ibinibigay Ng Los Angeles County? ........ 3
***Mga Serbisyo/Impormasyon Tungkol sa Los Angeles County Mental Health Plan***
Paano Ko Makukuha Ang Mga Serbisyo Na Ito? ........ 3
Ano Ang Ibig Sabihin Ng Pagiging "Awtorisado" Upang Tumanggap Ng Mga Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan At Ano Ang Dami, Katagalan At Kalawakan Ng Mga Serbisyo Na Ibinibigay? ........ 3
Paano Ako Makakakuha Ng Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Mga Doktor, Mga Therapist, Mga Klinika At Mga Ospital? ........ 4
Sa Anong Ibang Mga Wika At Mga Format Makukuha Ang Mga Materyales Na Ito? ........ 4
Maaari Ko Bang Puntahan Ang Alinmang Doktor, Therapist, Klinika O Ospital Sa "Listahan ng Tagapagbigay"? ........ 5
Paano Kung Nais Kong Magpalit Ng Mga Doktor, Mga Therapist O Mga Klinika? .. 5
Paano Ako Makakakuha Ng Isang "Listahan ng Tagapagbigay"? ........ 5
Magagamit Ko Ba Ang "Listahan ng Tagapagbigay" Upang Makahanap Ng Taong Makakatulong Sa Akin? ........ 5
Paano Kung Nais Kong Pumunta Sa Isang Doktor, Therapist, Klinika O Ospital Na Hindi Nakalista sa "Listahan ng Tagapagbigay" ng Los Angeles County? 6
Paano Kung Kailangan Ko Ng Pangmadaliang Pangangalaga Na Mga Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Kung Sabado't Linggo O Sa Gabi? ........ 6
Paano Ako Makakakuha Ng Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Na Hindi Ibinibigay Ng Aking Tagapagbigay Ng Pangkaisipang Kalusugan? ........ 6
Paano Kung Kailangan Ko Pumunta Sa Isang Doktor Para Sa Isang Bagay Maliban Sa Paggamot Ng Pangkaisipang Kalusugan? ........ 7
Ano Ang Magagawa Ko Kung Hindi Ako Nasisiyahan Sa Aking Paggamot Sa Pangkaisipang Kalusugan? ........ 7
Ano Ang Beneficiary Services? Ano Ang Ginagawa Nito? Paano Ko Makokontak Ang Mga Tauhan? ........ 7
Pananatilihin Bang Lihim Ng Los Angeles County Ang Aking Mga Rekord Sa Pangkaisipang Kalusugan? ........ 8

## Estado ng California

Estado ng California

***Pangkalahatang Impormasyon sa Buong Estado***
Bakit Mahalagang Basahin ang Buklet na Ito? ........ 1
***County Mental Health Plans (Mga Plano sa Pangkaisipang Kalusugan ng County)***
Ano Ang Mga Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan? ........ 2
Saan Ko Makukuha Ang Mga Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan? ........ 2
Paano Ko Makukuha Ang Mga Serbisyo? ........ 2

## Estado ng California *(Karugtong)*

***Mahalagang Impormasyon Tungkol Sa Medi-Cal***

Sino Ang Maaaring Makakuha Ng Medi-Cal? .... 4
Kailangan Ko Bang Magbayad Para Sa Medi-Cal? .....4
Paano Ko Makukuha Ang Mga Serbisyo Ng Medi-Cal Na Hindi Sinasaklaw Ng Mental Health Plan? .... 5
Ano Ang Child Health At Disability Prevention (Kalusugan ng Bata at Pag-iwas ng Kapansanan) (CHDP) Na Programa? .... 6

***Saligang Emerhensiyang Impormasyon***

Ikaw Ba Ay Kasalukuyang May Emerhensiya? .... 8
Anong Uri Ng Mga Serbisyo Na May Kinalaman sa Emerhensiya Ang Ibinibigay? 9
Kailan Matatapos Ang Pananagutan Ng MHP Ng Aking County Sa Pagsaklaw Ng Post-Stabilization na Pangangalaga? .... 10

***Mga Serbisyo***

***(MGA TAONG MAY SAPAT NA GULANG AT MGA MATATANDA)***

Paano Ko Malalaman Na Kailangan Ko Ng Tulong? .... 11
Ano Ang Mga Senyas Na Maaaring Kailangan Ko Ng Tulong? .... 11
Ano Ang Mga Makukuhang Serbisyo? .... 12

***(MGA BATA, MGA NAGDADALAGA/NAGBIBINATA, AT MGA KABATAAN)***

Paano Ko Malalaman Kung Kailangan Ng Isang Bata Ng Tulong? .... 15
Paano Ko Malalaman Na Kailangan Ng Isang Nagdadalaga/Nagbibinata o Kabataan Ng Tulong? .... 16
Ano Ang Mga Makukuhang Serbisyo? .... 16
Mayroon Bang Mga Espesyal Na Serbisyo Na Makukuha Para Sa Mga Bata, Mga Nagdadalaga/Nagbibinata at Mga Kabataan? .... 17
Ano Ang Therapeutic Behavioral Services (TBS)? .... 17
Sino Ang Maaaring Makakuha ng TBS? .... 18
Mayroon Bang Ibang Mga Bagay Na Dapat Mangyari Upang Makakuha Ako Ng TBS? .... 18
Paano Ako Makakakuha ng TBS? .... 19
Sino Ang Magpapasiya Kung Kailangan Ko Ng TBS At Saan Ko Sila Makukuha? .... 19
Ano Ang Dapat Nasa Aking Plano Ng TBS? .... 19

***Mga Pamantayan ng 'Medikal na Pangangailangan'***

Ano Ang 'Medikal na Pangangailangan' At Bakit Ito Napakahalaga? .... 21
Ano Ang Mga Pamantayan Ng 'Medikal na Pangangailangan' Upang Makakuha Ng Coverage Para Sa Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Maliban Sa Mga Serbisyo Sa Ospital? .... 21
Ano Ang Mga Pamantayan Ng 'Medikal na Pangangailangan' Upang Makakuha Ng Coverage Para Sa Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Para Sa Mga Taong wala pang 21 Taong Gulang? 22

***Abiso ng Aksyon***

Ano Ang Abiso Ng Aksyon? .... 24
Kailan Ako Makakakuha Ng Abiso Ng Aksyon? .... 24
Ako Ba Ay Laging Makakatanggap Ng Abiso ng Aksyon Kapag Hindi Ko Nakuha Ang Mga Serbisyo Na Gusto Ko? .... 25
Ano Ang Sasabihin Sa Akin Ng Abiso Ng Aksyon? .... 25
Ano Ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakakuha Ako Ng Abiso Ng Aksyon? .... 25

## Estado ng California *(Pagpapatuloy)*



***Mga Proseso Sa Paglutas Ng Problema***
Paano Kung Hindi Ko Matanggap Ang Mga Serbisyo Na Gusto Ko Mula Sa Aking County MHP? .......... 26
Makakakuha Ba Ako Ng Tulong Sa Pag-file Ng Apela, Karaingan O State Fair Hearing (Makatwirang Paglilitis ng Estado)? .......... 26
Paano Kung Kailangan Ko Ng Tulong Upang Lutasin Ang Isang Problema sa aking MHP Ngunit Ayaw Kong Mag-file Ng Isang Karaingan O Apela? .......... 27
***(ANG PROSESO NG MGA APELA - Karaniwan at Pinabilis)***
Ano Ang Isang Karaniwang Apela? .......... 28
Kailan Ako Maaaring Mag-file Ng Apela? .......... 29
Paano Ako Maaaring Mag-file Ng Apela? .......... 29
Paano Ko Malalaman Kung Ang Aking Apela ay Napagpasiyahan Na? .......... 29
May Deadline Ba Sa Pag-file Ng Apela? .......... 29
Kailan Pagpapasiyahan Ang Aking Apela? .......... 29
Paano Kung Hindi Ako Makahintay ng 45 Araw Para Sa Desisyon Sa Aking Apela? .......... 30
Ano Ang Pinabilis Na Apela? .......... 30
***(ANG PROSESO NG STATE FAIR HEARING - Karaniwan at Pinabilis)***
Ano Ang Isang State Fair Hearing? .......... 31
Ano Ang Aking Mga Karapatan Sa State Fair Hearing? .......... 31
Kailan Ako Maaaring Mag-file Ng Isang State Fair Hearing? .......... 31
Paano Ako Hihiling Ng Isang State Fair Hearing? .......... 31
Mayroon Bang Deadline Sa Pag-file Ng Isang State Fair Hearing? .......... 32
Maaari Ko Bang Ipagpatuloy Ang Mga Serbisyo Habang Ako'y Naghihintay Para Sa Desisyon Ng Isang State Fair Hearing? .......... 32
Paano Kung Hindi Ako Makahintay Ng 90 Araw Para Sa Desisyon Sa Aking State Fair Hearing? .......... 33
***(ANG PROSESO NG KARAINGAN)***
Ano Ang Isang Karaingan? .......... 34
Kailan Ako Maaaring Mag-file Ng Karaingan? .......... 34
Paano Ako Maaaring Mag-file Ng Karaingan? .......... 34
***Ang Iyong Mga Karapatan***
Ano Ang Aking Mga Karapatan? .......... 36
***(MGA PAUNANG TAGUBILIN)***
Ano Ang Isang Paunang Tagubilin? .......... 38
***(KULTURANG KAKAYAHAN)***
Bakit Mahalaga Ang Pagiging Sensitibo Sa Kultura At Ang Pagkuha Ng Impormasyon sa Ibang Wika? .......... 39
***Paano Maibibigay Sa Iyo Ang Mga Serbisyo***
Paano Ako Makakatanggap Ng Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan? .......... 41
Paano Ako Hahanap Ng Isang Tagapagbigay Para Sa Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Na Kailangan Ko? .......... 41
Kapag Nakahanap Na Ako Ng Tagapagbigay, Maaari Bang Sabihin Ng MHP Sa Tagapagbigay Kung Ano Ang Mga Serbisyong Kinukuha Ko? .......... 42
Aling Mga Tagapagbigay Ang Ginagamit Ng Aking MHP? .......... 43

# Maligayang Bati Sa Los Angeles County Mental Health Plan (Plano sa Pangkaisipang Kalusugan)



**Maligaya ka naming binabati sa Los Angeles County Mental Health Services (Mga Serbisyo sa Pangkaisipang Kalusugan), at sa Medi-Cal Mental Health Plan.** Ang Department of Mental Health (Kagawaran ng Pangkaisipang Kalusugan) ay nasisiyahang magsilbi sa mga tao ng Los Angeles County sa pamamagitan ng isang network ng mga klinika, mga serbisyo sa larangan, at mga ospital at ibang mga pasilidad na pinapatakbo ng County at mga ahensiyang kinokontrata. Sinisikap naming magbigay ng mahusay na pangangalaga na katamtaman ang presyo sa mga lugar sa iyong mga lokal na komunidad na may pinakakaunting limitasyon. Ang ibig sabihin nito ay ginagawa namin ang lahat upang gamitin nang may pananagutan ang mga pampublikong pondo upang tuparin ang mga pangangailangan sa pangkaisipang kalusugan sa Los Angeles County. Mangyaring basahin nang mabuti ang polyeto na ito. Nilalaman nito ang mahalagang impormasyon na dapat mong malaman.

**Bilang iyong plano sa pangkaisipang kalusugan:**

- Kukuha kami ng mga sagot sa iyong mga tanong tungkol sa paggamot sa pangkaisipang kalusugan
- Sasabihin namin sa iyo kung ano ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na sinasaklaw ng Medi-Cal
- Magpapasiya kami kung anong mga uri ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan ang kailangan mo at tutulungan ka namin sa pagkuha ng mga ito
- Tratratuhin ka namin nang may galang

- Sisiguruhin naming matatanggap mo ang mga serbisyo sa isang ligtas na kapaligiran
- Tutulungan ka naming kumuha ng pangangalaga sa paraang sensitibo sa kultura

## Bilang Isang Kalahok, Mayroon Ka Ring Mga Takdang Pananagutan:

- Magbigay ng tunay at kumpletong impormasyon tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pangkaisipang kalusugan
- Lumahok nang aktibo sa iyong paggamot sa pangkaisipang kalusugan
- Pumunta sa iyong mga appointment tulad ng nakaiskedyul
- Tumawag kung hindi ka makakapunta sa iyong appointment
- Gumawa ng mga layunin sa paggamot kasama ng iyong tagapagbigay

### Mga Mahalagang Numero ng Telepono

| | |
|---|---|
| Emergency | 911 |
| Mental Health Access | (800) 854-7771 |
| Telecommunication Center | (562) 651-2549 *(TDD/TTY)* |
| Beneficiary Services | (213) 738-4949 |
| Patient’s Rights Office | (800) 700-9996 |
| Chief Information Privacy Officer | (213) 974-2164 |

***Ang ibang mga serbisyo na minsan ay kailangan ay kasama sa listahan sa mga pahina 9 (mga taong may sapat na gulang) at 12 (mga bata) sa Estado ng California na seksyon ng buklet na ito.***

## Paano Ko Malalaman Kung Kailangan Ng Isang Tao Ng Tulong Kaagad?

Kahit walang emerhensiya, ang isang taong mayroong mga problema sa pangkaisipang kalusuguan ay nangangailangan ng tulong kaagad kung isa o higit pa sa mga bagay na ito ay totoo.

- Nakakarinig o nakakakita ng mga bagay na pinaniniwalaan ng mga ibang tao na wala doon
- Labis at madalas na mga kaisipan tungkol sa kamatayan o nagsasalita tungkol dito
- Pinamimigay ang kanilang mga gamit
- Nagbabantang magpakamatay (pagpapakamatay)
- Gustong saktan ang kanilang sarili o mga ibang tao

Kung isa o higit pa sa mga bagay na ito ay totoo, tawagan ang 911 o ang Los Angeles County MHP sa **(800) 854-7771** (24-oras na walang bayad na telepono). Ang mga manggagawa sa Mental Health (Pangkaisipang Kalusugan) ay matatawagan 24-oras bawat araw.

## Ano Ang Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Na Ibinibigay Ng Los Angeles County?

Ang Mga Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Na Makukuha Mo:

- **Mga Serbisyo ng Ospital para sa Sikiyatrikong Inpatient --** Mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa ospital.
- **Mga Sikiyatrikong Serbisyo --** Mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan mula sa isang tagapagbigay ng pangkaisipang kalusugan na isang lisensyadong doktor at espesiyalista sa sikayatriya.
- **Mga Sikolohiyang Serbisyo** -- Mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan mula sa isang lisensyadong tagapagbigay ng pangkaisipang kalusugan na isang sikologo upang idiyagnos at gamutin ang mga sakit sa pangkaisipang kalusugan.
- **Pamamahala sa Takdang Kaso** -- Mga espesyal na mga serbisyo at mga gawain sa pangkaisipang kalusugan na tumutulong sa mga taong mag-access at tumanggap ng mga serbisyo sa komunidad na kailangan upang makatulong magtatag at/o magpanatili ng isang malayang paraan ng pamumuhay.
- **Mga Pang-rehabilitasyon na Serbisyo** -- Mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na tumutulong sa mga taong pahusayin, panatilihin at ibalik sa dati ang pang-araw-araw na pamumuhay sa komunidad.
- **Mga Serbisyo sa Sikiyatrikong Nursing na Pasilidad** -- Mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa mga lugar na lisensyado bilang isang skilled nursing na pasilidad.

Ang mga serbisyo na nakalista sa itaas ay ang mga serbisyo na tiniyak ng Los Angeles County MHP na pinaka-malamang na makakatulong sa mga tao na nangangailangan ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan.

Kung minsan ay maaaring kailanganin ang mga ibang serbisyo.  Ang ibang mga serbisyo na minsan ay kailangan ay kasama sa listahan sa mga pahina 9 (mga taong may sapat na gulang) at 12 (mga bata) sa Estado ng California na seksyon ng buklet na ito.

## Paano Ko Makukuha Ang Mga Serbisyo Na Ito?

Tawagan ang Los Angeles County MHP Access Telecommunication Center sa **(800) 854-7771**. Magbabanggit sila sa iyo ng isang tagapagbigay at mag-iiskedyul sila ng isang appointment para sa iyo. Para sa serbisyo ng TDD/TTY, tumawag sa **(562) 651-2549.**

## Ano Ang Ibig Sabihin Ng Pagiging "Awtorisado" Upang Tumanggap Ng Mga Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan At Ano Ang Dami, Katagalan At Kalawakan Ng Mga Serbisyo Na Ibinibigay?

Ikaw, ang iyong tagapagbigay at ang MHP ng Los Angeles Couny ay lahat may masasabi sa pagpapasiya tungkol sa mga serbisyo na kailangan mong matanggap sa pamamagitan ng MHP, kasama ang kung gaano kadalas mo kailangan ng mga serbisyo at kung gaano katagal.

Maaaring atasan ng Los Angeles County MHP ang iyong tagapagbigay na hilingin ang MHP na pagbalik-aralan ang mga dahilan kung bakit sa palagay ng tagapagbigay ay kailangan mo ang mga serbisyo bago sila ibigay. Gumagamit ang Los Angeles County MHP ng isang kwalipikadong propesyonal sa pangkaisipang kalusugan sa paggawa ng pagbabalik-aral. Ang proseso ng pagbabalik-aral na ito ay tinatawag na proseso ng MHP para sa pagpapahintulot na magbayad. Iniaatas ng Estado sa Los Angeles County MHP na magkaroon ng proseso ng pahintulot para sa day treatment intensive, pang-araw na rehabilitasyon, at therapeutic behavioral services (TBS).

Ang Los Angeles County MHP ay sumusunod sa mga patakaran ng estado para sa aming proseso ng MHP para sa pagpapahintulot na magbayad, na nakalarawan sa pahina 3 sa Estado ng California na seksyon ng buklet na ito. Kung nais mo ng karagdagang impormasyon kung paano ginagawa ng Los Angeles County ang mga MHP na pagpapahintulot na magbayad o kung kailan namin iniaatas sa iyong tagapagbigay na humiling ng isang pagpapahintulot ng MHP na magbayad para sa mga serbisyo, mangyaring kontakin ang Los Angeles County MHP sa **(213) 738-4949.**

## Paano Ako Makakakuha Ng Karagdagang Impormasyon Tungkol Sa Mga Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Ng Los Angeles County at Impormasyon Tungkol sa Mga Doktor, Mga Therapist, Mga Klinika At Mga Ospital?

Para sa isang listahan ng mga tagapagbigay at karagdagang impormasyon tungkol sa istruktura at gawain ng Los Angeles MHP, tawagan ang Beneficiary Services (Mga Serbisyo ng Benepisyaryo) sa **(213) 738-4949**, o bumisita sa DMH website:**www.dmh.co.la.ca.us.**

Maaari ka rin pumunta at kumuha ng impormasyon sa Department of Mental Health (550 S. Vermont Ave., Los Angeles, CA 90020). Isang advocate ang makikipagkita sa iyo upang masagot ang iyong mga tanong.

## Sa Anong Ibang Mga Wika At Mga Format Makukuha Ang Mga Materyales Na Ito?

Maaaring ibigay ng Los Angeles County MHP ang mga materyales sa 10 threshold languages (mga wikang sinasalita ng kahit man lamang 3,000). Ang mga mamimili ay maaaring tumawag sa ACCESS sa **(800) 854-7771** at/o Patient's Rights (Mga Karapatan ng Pasyente) sa **(800) 700-9996** para sa isang listahan ng mga tagapagbigay na maaaring tumupad sa kanyang (mga) pangangailangan sa wika. Maaari ring puntahan ng mga kliyente ang website ng MHP para sa isang listahan ng mga tagapagbigay na nagbibigay ng mga serbisyo sa kanilang mga wika (MHP website: **www.dmh.co.la.ca.us**). Ang Los Angeles County MHP ay nagbibigay ng impormasyon para sa mga may kapansanan sa paningin at pandinig (halimbawa, mga dokumento na nilimbag gamit ang malalaking titik o mga

audio tape) at gumagamit ng California Relay na sistema at mga tagasalin sa sign language para sa mga bingi o may kapansanan sa pandinig. Mangyaring tawagan ang Patient's Rights Office sa (800) 700-9996 o **(213) 738-4888** o mga serbisyo sa California Relay sa **(800) 735-2929**.

## Maaari Ko Bang Puntahan Ang Alinmang Doktor, Therapist, Klinika O Ospital Sa "Listahan ng Tagapagbigay"?

Mayroon kang karapatang mamili ng iyong tagapagbigay. Kung ang tagapagbigay na pinili mo ay wala sa ilalim ng Los Angeles County MHP, ang Los Angeles County MHP ay walang masasabi sa kung paano ibinibigay ang mga serbisyo ng tagapagbigay na iyon. At ang ilang mga tagapagbigay ay maaaring hindi tumanggap ng Medi-Cal bilang kabayaran. Ikaw ang may pananagutang magtanong kung ang tagapagbigay ay tumatanggap ng Medi-Cal bilang kabayaran bago ka kumuha ng mga serbisyo. Kung pinili mong magbayad para sa mga serbisyo na hindi sinasaklaw ng Medi-Cal, walang pagbabawal sa kung anong uri ng mga serbisyo ang maaari mong matanggap.

Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tawagan ang ACCESS 24-oras bawat araw sa **(800) 854-7771** o ang Beneficiary Services sa **(213) 738-4949.**

## Paano Kung Nais Kong Magpalit Ng Mga Doktor, Mga Therapist O Mga Klinika?

Maaari mong kausapin nang tuwiran ang tagapagbigay upang humiling ng pagpalit ng mga doktor. Kung hindi tinupad ang iyong kahilingan o kung sa palagay ng benepisyaryo na kailangan niya ng karagdagang tulong, maaari mong tawagan ang Patient's Rights upang humingi ng tulong tungkol sa iyong kahilingan.

## Paano Ako Makakakuha Ng Isang Listahan ng "Tagapagbigay"?

Tawagan ang Beneficiary Services sa **(213) 738-4949** o kumuha ng listahan ng tagapagbigay sa Department of Mental Health (550 S. Vermont Ave., Los Angeles, CA 0020).

## Magagamit Ko Ba Ang "Listahan ng Tagapagbigay" Upang Makahanap Ng Isang Taong Makakatulong Sa Akin?

Ang benepisyaryo ay maaaring humiling ng mga referral para sa mga tagapagbigay mula sa mga tauhan ng ACCESS o sa mga tauhan sa Patient's Rights Office. Maaari ka rin maghanap ng mga tagapagbigay sa mga lugar kung saan nais nilang kumuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng Los Angeles County MHP.

## Paano Kung Nais Kong Pumunta Sa Isang Doktor, Therapist, Klinika O Ospital Na Hindi Nakalista sa "Listahan ng Tagapagbigay" ng Los Angeles County?

Mayroon kang karapatang mamili ng iyong tagapagbigay. Kung ang tagapagbigay na pinili mo ay wala sa ilalim ng Los Angeles County MHP, ang Los Angeles County MHP ay walang masasabi sa kung paano ibinibigay ang mga serbisyo ng tagapagbigay na iyon. At ang ilang mga tagapagbigay ay maaaring hindi tumanggap ng Medi-Cal bilang kabayaran. Ikaw ang may pananagutang magtanong kung ang tagapagbigay ay tumatanggap ng Medi-Cal bilang kabayaran bago ka kumuha ng mga serbisyo. Kung pinili mong magbayad para sa mga serbisyo na hindi sinasaklaw ng Medi-Cal, walang pagbabawal sa kung anong uri ng serbisyo ang maaari mong matanggap.

Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tawagan ang ACCESS 24-oras bawat araw sa **(800) 854-7771** o ang Beneficiary Services sa **(213) 738-4949**.

## Paano Kung Kailangan Ko Ng Pangmadaliang Pangangalaga Na Mga Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Kung Sabado't Linggo O Sa Gabi?

Mangyaring tumawag sa 911, o tumawag sa ACCESS sa **(800) 854-7771**, o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Maaari mo rin tawagan ang alinman sa mga organisasyon sa ibaba, 24 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo.

| | |
|---|---|
| Suicide Prevention and Survivor Hotline | **(877) 727-4747** (sa loob ng LA County) |
| | **(310) 391-1253** (sa labas ng LA County) |
| Alzheimer's Association Helpline | **(800) 660-1993** |
| California Youth Crisis Hotline | **(800) 843-5200** |
| Child Abuse Hotline | **(800) 540-4000** |
| Domestic Violence – Sexual Assault Hotline | **(800) 339-3940** |
| Elder Abuse Hotline | **(800) 992-1660** |
| National HIV/AIDS Hotline | **(800) 342-2437** |
| Substance Abuse Hotline | **(800) 564-6600** |
| | *(9 ng umaga - 5 ng hapon Lunes - Biyernes)* |

## Paano Ako Makakakuha Ng Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Na Hindi Ibinibigay Ng Aking Tagapagbigay Ng Pangkaisipang Kalusugan?

Kung hindi ibinibigay ng iyong tagapagbigay ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na kailangan mo, maaari kang humingi ng isang angkop na referral mula sa iyong tagapagbigay. Maaari mo rin tawagan ang ACCESS para sa mga referral para sa mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa **(800) 854-7771.**

## Paano Kung Kailangan Ko Pumunta Sa Isang Doktor Para Sa Isang Bagay Maliban Sa Paggamot Ng Pangkaisipang Kalusugan? Paano Nire-refer Ang Mga Tao Sa Mga Serbisyo Ng Medi-Cal Maliban Sa Pangangalaga Ng Pangkaisipang Kalusugan Sa Los Angeles County?

Kung kailangan mong pumunta sa isang doktor para sa isang bagay maliban sa paggamot ng pangkaisipang kalusugan, humingi ng isang referral mula sa iyong tagapagbigay. Maaari ka rin humingi ng karagdagang impormasyon mula sa iyong regular na tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan. Pinapayuhan ka ring tumingin sa iyong lokal na yellow pages upang maghanap ng medikal na doktor sa kanilang lugar.

## Ano Ang Magagawa Ko Kung May Problema Ako Sa Aking Paggamot Sa Pangkaisipang Kalusugan O Hindi Ako Nasisiyahan Dito?

Kung mayroon kang inaalala o problema o kung hindi ka nasisiyahan sa iyong mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, nais siguraduhin ng MHP na ang iyong mga inaalala ay nalulutas sa madali at mabilis na paraan. Mangyaring kontakin ang MHP sa **(800) 854-7771** para malaman kung paano lutasin ang iyong mga inaalala.

***Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Mga Karaingan, Mga Apela at Mga State Fair Hearing, mangyaring pumunta sa seksyon tungkol sa 'Mga Proseso Sa Paglutas Ng Problema' sa Estado ng California sa pahina 22 ng buklet na ito.***

Mayroong tatlong paraan kung paano ka maaaring makipagtulungan sa MHP upang lutasin ang iyong mga inaalala tungkol sa mga serbisyo o ibang mga problema. Maaari kang mag-file ng isang karaingan nang pasalita o nang nakasulat sa MHP tungkil sa anumang isyu na may kinalaman sa MHP. Maaari kang mag-file ng isang apela nang pasalita (at mag-follow up nang nakasulat) o nang nakasulat sa MHP. Maaari ka ring humiling ng isang state fair hearing mula sa Department of Social Services.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paraan ng mga proseso ng karaingan at apela sa MHP at ng proseso ng state fair hearing, mangyaring pumunta sa seksyon tungkol sa mga karaingan, mga apela at mga state fair hearing sa pahina 22 ng Estado ng California na seksyon ng buklet na ito.

Ang iyong problema ay aasikasuhin hangga't maaari sa pinakamabilis at pinakamadaling paraan. Pananatilihin itong lihim.  Hindi ka mapapailalim sa diskriminasyon o anumang ibang multa dahil nag-file ka ng isang karaingan o apela o isang state fair hearing. Maaari mong pahintulutan ang ibang tao na kumilos para sa iyo sa karaingan, apela o state fair hearing na proseso.

## Ano Ang Beneficiary Services? Ano Ang Ginagawa Nito? Paano Ko Makokontak Ang Mga Tauhan?

Ang Beneficiary Services ay bahagi ng Patient's Right Office. Ang mga tauhan ng Beneficiary Services ay makakatulong sa iyo sa mga serbisyo ng pangkaisipang kalusugan sa pamamagitan ng pagbigay ng impormasyon at mga referral, pagtulong sa paglutas ng problema, at pag-imbestiga ng mga karaingan at mga apela.

**Ang mga tauhan ng Patient Beneficiary Services ay makokontak sa:**
**(213) 738-4949** para sa mga karaingan/mga apela na di-tungkol sa ospital
**(213) 738-4888** para sa mga karaingan/mga apela na tungkol sa ospital

## Pananatilihin Bang Lihim Ng Los Angeles County Ang Aking Mga Rekord Sa Pangkaisipang Kalusugan?

Oo, ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan ay lihim at protektado ng Estado at Pederal na batas. Lumilikha kami ng isang rekord ng pangangalaga at mga serbisyo na natatanggap mo. Kailangan namin ang rekord na ito upang mabigyan ka ng mahusay na pangangalaga at upang tumupad sa ilang mga takdang legal na pangangailangan. Kapag iniatas at kung saan naaangkop, sisiguruhin namin na ang pinakakaunting kinakailangang impormasyon ang inilalabas sa panahon ng iyong paggamot.

# Pangkalahatang Impormasyon sa Buong Estado

## Bakit Mahalagang Basahin ang Buklet na Ito?

Ang unang seksyon ng buklet na ito ay nagbibigay-alam sa iyo kung paano makakuha ng Medi-Cal na mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa pamamagitan ng Plano sa Pangkaisipang Kalusugan ng iyong county.

Ang pangalawang seksyon na ito ng buklet ay nagbibigay-alam sa iyo kung paano gumagana ang Medi-Cal na programa, at kung paano gumagana ang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan ng Medi-cal sa lahat ng mga county ng estado.

Kung hindi mo babasahin ang seksyon na ito ngayon, mangyaring itago ang buklet na ito upang mabasa ito sa ibang panahon.

*Kung sa palagay mo'y kwalipikado ka sa Medi-Cal at palagay mo'y kailangan mo ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, tawagan ang Plano ng Pangkaisipang Kalusugan sa iyong county at sabihing gusto mo ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan.*

## Ano ang Mga Espesyal na Serbisyo sa Pangkaisipang Kalusugan?

Ang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan ay mga espesyal na serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan para sa mga taong may sakit sa isip o mga emosyonal na problema na hindi magamot ng regular na doktor.

**Kabilang sa mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan ang:**

- Crisis counseling (pagpapayo kapag may panganib) upang matulungan ang mga taong mayroong malubhang emosyonal na krisis
- Terapi para sa indibidwal, grupo o pamilya
- Mga serbisyo sa rehabilitasyon o pagpapagaling na nakakatulong sa isang taong may sakit sa isip na magdebelop ng mga kakayahan para sa pang-araw-araw na pamumuhay
- Mga espesyal na mga pang-araw na programa para sa mga taong may mga sakit sa isip
- Mga reseta para sa mga gamot na nakakatulong sa paggamot ng sakit sa isip
- Tulong sa pamamahala ng mga gamot na nakakatulong sa paggamot ng sakit sa isip
- Tulong sa paghanap ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na kailangan mo

## Saan Ako Makakahanap ng Mga Serbisyo sa Pangkaisipang Kalusugan?

Makakahanap ka ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa county kung saan ka nakatira. Ang bawat county ay mayroong isang Plano sa Pangkaisipang Kalusugan para sa mga bata, mga kabataan, mga taong may sapat na gulang at mga matanda. Ang Plano sa Pangkaisipang Kalusugan ng iyong county ay mayroong mga tagapag-bigay ng pangkaisipang kalusugan (mga doktor na mga saykayatris o mga sikologo, at mga iba pa).

## Paano Ako Makakatanggap ng Mga Serbisyo sa Plano sa Pangkaisipang Kalusugan ng Aking County?

Tawagan ang Plano sa Pangkaisipang Kalusugan ng iyong county at humingi ng mga serbisyo. Hindi mo na kailangang humingi ng pahintulot mula sa iyong regular na doktor, o humingi ng referral. Tawagan lamang ang telepono para sa iyong county sa harap ng buklet na ito. Libre ang tawag.


Maaari ka ring magpunta sa isang pederal na kwalipikadong sentrong pangkalusugan, isang rural na sentrong pangkalusugan o isang Indiyan na klinikang pangkalusugan sa iyong lugar para sa Medi-Cal na mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan.  (Ito ay ang mga opisyal na pangalan para sa iba't ibang mga uri ng klinika sa iyong lugar. Kung hindi ka sigurado tungkol sa isang klinika sa iyong lugar, tanungin ang mga nagtratrabaho sa klinika.  Ang mga uri ng klinika na ito ay karaniwang nagsisilbi sa mga tao na walang seguro ng Medi-Cal.)

**Bilang bahagi ng pagbigay ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan para sa iyo, ang Plano sa Pangkaisipang Kalusugan ng iyong county ang mananagot para sa:**

- Pagtatasa kung ang isang tao ay kwalipikado para sa espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan mula sa MHP (Plano sa Pangkaisipang Kalusugan).
- Pagbibigay ng libreng matatawagang telepono kung saan may sasagot 24-oras bawat araw, 7 araw bawat linggo na makakapagsabi sa iyo kung paano makakakuha ng mga serbisyo mula sa MHP.
- Pagkakaroon ng sapat na bilang ng mga tagapagbigay upang masigurado na makukuha mo ang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na saklaw ng MHP kung kailangan mo ang mga ito.
- Pagbibigay-alam at pagtuturo sa iyo tungkol sa mga serbisyo na makukuha mula sa MHP ng iyong county.
- Pagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa wikang gusto mo o sa pamamagitan ng tagasalin (kung kailangan) nang libre at pagbibigay-alam sa iyo na mayroong mga ganitong serbisyo ng tagasalin.
- Pagbibigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga serbisyo na makukuha mo sa ibang mga wika o anyo, depende sa mga pangangailangan sa iyong county.

# Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Medi-Cal







## Sino ang Maaaring Makakuha ng Medi-Cal?

**Maaaring kwalipikado ka sa Medi-Cal kung ikaw ay nasa isa sa mga grupong ito:**

- 65 taong gulang, o mas matanda
- Wala pang 21 taong gulang
- Isang taong may sapat na gulang, sa pagitan ng 21 at 65 taong gulang na mayroong isang batang menor na edad na nakatira kasama mo (isang batang hindi pa kasal at wala pang 21 taong gulang)
- Bulag o may-kapansanan
- Buntis
- Ilang mga refugee, o mga imigrante mula sa Cuba o Haiti
- Tumatanggap ng pangangalaga sa isang nursing home

Kung wala ka sa isa sa mga grupong ito, tawagan ang ahensiya ng panlipunang serbisyo ng iyong county upang malaman kung kwalipikado ka sa isang programa ng medikal na tulong na pinapatakbo ng county.

Upang maging kwalipikado sa Medi-Cal, dapat ay nakatira ka sa California. Tawagan o bisitahin ang opisina ng mga panlipunang serbisyo ng iyong lokal na county upang humingi ng isang Medi-Cal na aplikasyon, o kunin ito mula sa Internet sa **www.dhs.ca.gov/mcs/medi-calhome/MC210.htm**

## Kailangan Ko Bang Magbayad Para sa Medi-Cal?

**Maaaring kailangan mong magbayad para sa Medi-Cal depende sa halaga ng pera na natatanggap o kinikita mo bawat buwan.**

- Kung ang iyong kita ay mas mababa kaysa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa kalakihan ng iyong pamilya, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyo ng Medi-Cal.

- Kung ang iyong kita ay mas mataas kaysa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa kalakihan ng iyong pamilya, kailangan mong magbayad nang kaunti para sa iyong mga serbisyo sa pangkaisipan o medikal na kalusugan. Ang babayaran mo ay ang tinatawag na iyong 'kabahagi sa gastos.' Kapag nabayaran mo na ang iyong 'kabahagi sa gastos,' babayaran ng Medi-Cal ang iyong natitirang saklaw na mga medikal na singil para sa buwan na iyon. Sa mga buwan kung saan wala kang mga medikal na gastos, wala kang kailangan bayaran.

- Maaaring kailangan mong magbayad ng isang 'kabahagi' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Maaaring kailangan mong magbayad ng $1.00 tuwing tumatanggap ka ng serbisyo sa pangkaisipan o medikal na kalusugan o ng isang niresetang gamot at $5.00 kung pumunta ka sa emergency room ng ospital para sa iyong mga regular na serbisyo.

Sasabihin sa iyo ng iyong tagapagbigay kung kailangan mong magbayad ng kabahagi.

***Dalhin lagi ang iyong Beneficiary Identification Card at health plan card, kung mayroon ka nito, kapag nagpupunta sa doktor, klinika, o ospital.***

## Paano Ako Makakatanggap ng Mga Serbisyo ng Medi-Cal Na Hindi Saklaw Ng Plano sa Pangkaisipang Kalusugan?

Mayroong dalawang paraan upang makakuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal:

**1. Sa pamamagitan ng pagsali sa isang plano sa kalusugan para sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal.**

*Kung ikaw ay isang miyembro ng isang plano sa kalusugan para sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal:*

- Kailangang humanap ang iyong plano sa kalusugan ng tagapagbigay para sa iyo kung kailangan mo ng pangangalaga sa kalusugan.
- Makukuha mo ang iyong pangangalaga sa kalusugan sa pamamagitan ng isang plano sa kalusugan, isang HMO (organisasyon para sa pagpapanatili ng kalusugan) o isang tagapamahala ng kaso ng pangunahing pangangalaga.
- Dapat mong gamitin ang mga tagapagbigay at mga klinika sa plano sa kalusugan, maliban kung kailangan mo ng emergency na pangangalaga.
- Maaari kang gumamit ng isang tagapagbigay sa labas ng iyong plano sa kalusugan para sa mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya.
- Maaari ka lamang sumali sa isang plano sa kalusugan kung hindi ka magbabayad ng kabahagi sa gastos.

**2. Mula sa mga nagsasariling tagapagbigay-alaga sa kalusugan o mga klinika na tumatanggap ng Medi-Cal.**

- Makakatanggap ka ng pangangalaga sa kalusugan mula sa mga nagsasariling tagapagbigay o mga klinika na tumatanggap ng Medi-Cal
- Kailangan mo sabihin sa iyong tagapagbigay na mayroon kang Medi-Cal bago mo unang kumuha ng mga serbisyo. Kung hindi ay maaari kang singilin para sa mga ganoong serbisyo.
- Ang mga nagsasariling tagapagbigay-alaga sa kalusugan at mga klinika ay hindi kailangang tumingin sa mga pasyente ng Medi-Cal, o maaaring tumingin ng iilan lamang na mga pasyente ng Medi-Cal.
- Ang lahat ng may kabahagi sa gastos (tingnan ang pahina 3, seksyon ng Estado ng California) ay tatanggap ng pangangalaga sa kalusugan sa ganitong paraan.

**Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na hindi saklaw ng Plano ng Pangkaisipang Kalusugan:**

- At ikaw ay nasa isang plano sa kalusugan, maaaring makakuha ka ng mga serbisyo mula sa iyong plano sa kalusugan. Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na hindi saklaw ng plano sa kalusugan, ang iyong pangunahing tagapagbigay-alaga sa plano sa kalusugan ay maaaring makatulong sa iyo na humanap ng isang tagapagbigay o klinika na makakatulong sa iyo.
- Maliban sa San Mateo County, ibibigay sa iyo ng mga botika ng iyong plano sa kalusugan ang iyong mga de-resetang gamot para sa iyong sakit sa isip, kahit na ang mga reseta ay sinulat ng saykayatris ng plano sa pangkaisipang kalusugan o sasabihin nila sa iyo kung paano mo makukuha ang iyong de-resetang gamot mula sa isang regular na Medi-Cal na botika.(Sa San Mateo County, ang plano sa pangkaisipang kalusugan ang magbibigay sa iyo ng iyong de-resetang gamot.)

**Kung nahihirapan kang makakuha ng mga medikal na appointment o mga pangkaisipang kalusugan na appointment, matutulungan ka ng Medi-cal na programa na kumuha ng transportasyon**


- At kung wala ka sa isang plano sa kalusugan, maaari kang makatanggap ng mga serbisyo mula sa iyong mga nagsasariling tagapagbigay at mga klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Maliban sa San Mateo County, ang anumang botika na tumatanggap ng Medi-Cal ay maaaring magbigay ng mga de-resetang gamot para sa sakit sa isip, kahit na ang mga reseta ay sinulat ng saykayatris ng MHP. (Sa San Mateo County, ang plano sa pangkaisipang kalusugan ang magbibigay sa iyo ng iyong de-resetang gamot.)
- Maaari kang matulungan ng Plano sa Pangkaisipang Kalusugan na humanap ng isang tagapagbigay o klinika na maaaring tumulong o magbigay sa iyo ng mga kuru-kuro kung paano makakahanap ng isang tagapagbigay o klinika.

## Transportasyon

**Kung nahihirapan kang makakuha ng mga medikal na appointment o mga pangkaisipang kalusugan na appointment, matutulungan ka ng Medi-cal na programa na kumuha ng transportasyon**.

- Para sa mga bata, makakatulong ang Child Health and Disability Prevention (CHDP) program ng county. O kaya'y kontakin ang opisina ng mga panlipunang serbisyo ng iyong county. Ang mga telepono na ito ay mahahanap sa iyong lokal na direktoryo sa mga pahina ng "County Government". Makakakuha ka rin ng impormasyon online sa **www.dhs.ca.gov**, pagkatapos ay magklik sa 'Services' at pagkatapos sa 'Medi-Cal Information.'

- Para sa mga may sapat na gulang, makakatulong ang opisina ng mga panlipunang serbisyo ng iyong county. Makakakuha ka ng impormasyon tungkol sa opisina ng mga panlipunang serbisyo ng iyong county sa iyong lokal na direktoryo. O kaya'y kumuha ng impormasyon online sa www.dhs.ca.gov, pagkatapos ay magklik sa 'Services' at pagkatapos sa 'Medi-Cal Information.'





## Ano ang Child Health and Disability Prevention (CHDP) (Programa ng Kalusugan ng Bata at Pag-iwas ng Kapansanan)?

Ang CHDP na programa ay isang preventive health na programa (pangkalusugang programa upang maiwasan ang mga sakit), na nagsisilbi sa mga bata at kabataan ng California mula kapanganakan hanggang 21 taong gulang. Ibinibigay ng CHDP ang maagang pangangalaga sa kalusugan sa mga bata at mga kabataang may mga problema sa kalusugan at pati na rin sa mga ibang parang wala namang sakit. Makakakuha ang mga bata at kabataan ng regular na pagtatasa para sa preventive health. Pagkatapos ay binibigyan ng referral para sa diyagnosis at paggamot ang mga bata at kabataan na may mga pinaghihinalaang problema. Maraming mga problema sa kalusugan ang maiiwasan o maaayos, o ang kanilang kalubhaan ay mababawasan, sa pamamagitan ng maagang pagtuklas at mabilis na diyagnosis at paggamot.

Makikipagtulungan ang CHDP sa iba't-ibang uri ng mga tagapagbigay-alaga sa kalusugan at mga organisasyon upang siguraduhin na ang mga kwalipikadong bata at kabataan ay tumatanggap ng mga angkop na serbisyo. Maaaring kabilang dito ang mga pribadong doktor, mga lokal na kagawaran ng kalusugan, mga paaralan, mga nars, mga dentista, mga edukador ng kalusugan, mga nutritionist, mga laboratoryo, mga klinika ng komunidad, mga ahensiya ng kalusugan na di-nagnenegosyo, at mga ahensiya ng panlipunan at pangkomunidad na serbisyo. Makakatulong din ang CHDP sa mga pamilya sa pag-iskedyul ng mga medikal na appointment, transportasyon, at pagkuha ng mga diagnostik at paggamot na serbisyo.

Makakakuha ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa CHDP sa pamamagitan ng pagkontak sa iyong lokal na kagawaran sa kalusugan ng iyong county o sa **www.dhs.ca/gov.pcfh/cms/chdp/directory.htm**.

### Saan Ako Makakakuha ng Karagdagang Impormasyon?

Makakakuha ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng California Department of Mental Health (Kagawaran ng Pangkaisipang Kalusugan sa California) sa **www.dmh.ca.gov.** Makakakuha ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal sa pamamagitan ng pagtanong sa eligibility worker ng iyong county o sa www.dhs.ca.gov/mcs/medi-calhome.

## Ikaw Ba ay Kasalukuyang May Emergency?

***Kapag may emerhensiya sa medikal o sikiyatrikong kondisyon, tumawag sa 9-1-1 o magpunta sa emergency room upang humingi ng tulong.***

**Ang isang emergency na medikal na kondisyon ay may mga sintomas na napakagrabe (maaaring may kasamang grabeng kirot) kung kaya't maaaring asahan ng isang karaniwang tao na mangyari kahit kailan ang sumusunod:**

- Ang kalusugan ng indibidwal (o hinggil sa buntis na babae, ang kalusugan ng babae o ang kanyang anak na 'di-pa ipinapanganak) ay maaaring nasa malaking panganib.
- Mga malubhang problema sa mga gawain ng katawan.
- Mga malubhang problema sa anumang organ o bahagi ng katawan.

**Ang isang emergency na sikiyatrikong kondisyon ay nangyayari kapag iniisip ng isang karaniwang tao na may taong:**

- Kasalukuyang mapanganib sa kanyang sarili o sa ibang tao dahil sa isang bagay na parang sakit sa isip.
- Ay kaagad na hindi makapagbigay ng pagkain o hindi makakain, o makagamit ng kasuotan o shelter dahil sa sakit sa isip.




Kung may emergency na medikal o sikiyatrikong kondisyon, tumawag sa 9-1-1 o magpunta sa emergency room upang humingi ng tulong.

Saklaw ng Medi-Cal na programa ang mga emergency na kondisyon, maging ang kondisyon ay medikal o sikiyatriko (emosyonal o pangkaisipan). Kung ikaw ay nasa Medi-Cal, hindi ka tatanggap ng bill para sa pagpunta sa emergency room, kahit na lumabas na hindi naman pala emergency.

Kung hindi ka sigurado kung ang kondisyon ay tunay na emergency, o kung hindi ka sigurado kung ang kondisyon ay medikal o sikiyatrik, maaari ka pa ring magpunta sa emergency room at hayaang magpasiya ang mga kwalipikadong medikal na propesyonal kung ano ang kinakailangan. Kung nagpasiya ang mga propesyonal sa emergency room na mayroong sikiyatrikong emergency, ipapasok ka sa ospital upang makakuha kaagad ng tulong mula sa isang propesyonal sa pangkaisipang kalusugan. Kung ang ospital ay hindi nagbibigay ng mga uri ng serbisyo na kinakailangan, hahanap ang ospital ng isang ospital na mayroong ganoong mga serbisyo.

Ang isang tao ay maaaring matulungan sa isang krisis sa pangkaisipang kalusugan sa pamamagitan ng mga serbisyo mula sa Mental Health Plan (MHP) ng iyong county sa mga paraan maliban sa pagpasok sa ospital. Kung sa palagay mo ay nangangailangan ka ng tulong ngunit sa palagay mo'y hindi mo kailangang magpunta sa ospital, maaari mong tawagan ang walang bayad na telepono ng MHP ng iyong county at humingi ng tulong.

## Anong Uri Ng Mga Serbisyo Na May Kinalaman sa Emergency Ang Ibinibigay?

Ang mga serbisyo sa emergency ay binabayaran ng Medi-Cal kapag nagpunta ka sa ospital o gumamit ka ng mga serbisyong outpatient (walang kasamang pananatili ng isang gabi sa ospital) na ibinigay sa emergency room ng ospital ng isang kwalipikadong tagapagbigay (doktor, sikiyatriko, sikologo, o ibang tagapagbigay ng pangkaisipang kalusugan). Sila ay kinakailangan upang tasahan o patatagin ang kondisyon ng isang taong may emergency.

Ang Mental Health Plan (MHP) ng iyong county ay dapat magbigay ng tiyak na impormasyon tungkol sa kung paano ibinibigay ang mga serbisyo sa emergency sa iyong County. Ang mga sumusunod na mga estado at pederal na patakaran ay umaaplay sa mga emergency na serbisyo na saklaw ng MHP:

- Hindi kailangang kumuha ng paunang pahintulot ang ospital mula sa MHP (minsan tinatawag na "paunang pahintulot") o magkaroon ng kontrata sa iyong MHP upang mabayaran para sa mga emergency na serbisyo na ibinibigay sa iyo ng ospital.
- Kailangang sabihin sa iyo ng MHP kung paano kumuha ng mga emergency na serbisyo, kasama ang paggamit ng 9-1-1.
- Kailangang sabihin sa iyo ng MHP ang kinaroroonan ng anumang mga lugar kung saan nagbibigay ang mga tagapagbigay at mga ospital ng mga emergency na serbisyo at mga post-stabilization (panahon pagkatapos mapatatag ang kondisyon) na serbisyo
- Maaari kang magpunta sa isang ospital para sa emergency na pangangalaga kung naniniwala kang mayroong sikiyatrikong emergency
- May mga makukuhang espesyal na mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan upang gamutin ang iyong pangmadaliang kondisyon 24 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo. (Ang isang pangmadaliang kondisyon ay isang krisis sa pangkaisipang kalusugan na magiging emergency kung hindi ka kaagad makakuha ng tulong.)
- Matatanggap mo ang mga inpatient na serbisyo na ito sa ospital mula sa MHP nang kusang-loob, kung maaari kang angkop na pagsilbihan nang hindi hinahawakan sa lugar nang sapilitan. Ang mga batas ng estado na sumasaklaw sa mga kusang-loob at sapilitang pagpasok sa ospital para sa sakit sa isip ay hindi bahagi ng mga estado o pederal na Medi-Cal na patakaran, ngunit maaaring mahalaga para sa iyo na magkaroon ng kaunting impormasyon tungkol sa kanila:
  1. **Kusang-loob na pagpasok:** Ibig sabihin, OK sa iyo na pumasok at/o manatili sa ospital.
  2. **Sapilitang pagpasok:** Ibig sabihin, pananatilihin ka ng ospital sa ospital nang hanggang 72 oras nang wala ng iyong OK. Magagawa ito ng ospital kapag inaakala ng ospital na maaaring saktan mo ang iyong sarili o ang iba o na hindi mo maaalagaan ang iyong mga sariling pangangailangan sa pagkain, kasuotan, at pamamahay. Sasabihin sa iyo ng ospital sa isang sulat kung ano ang ginagawa ng ospital para sa iyo at kung ano ang iyong mga karapatan. Kung sa palagay ng mga doktor na gumagamot sa iyo na kailangan mong manatili nang higit sa 72 oras, may karapatan ka sa isang abogado at isang paglilitis sa harap ng isang huwes at sasabihin sa iyo ng ospital kung paano ito hihingin.

***Dapat bayaran ng Mental Health Plan (MHP) ng iyong county ang post-stabilization care services na nakuha sa loob ng listahan ng mga tagapagbigay ng MHP o ng lugar na sinasaklaw. Babayaran ng iyong MHP ang mga ganoong serbisiyo kung sila'y pre-approved ng tagapagbigay ng MHP o ng ibang kinatawan ng MHP***

*Ang mga serbisyo sa post-stabilization care* ay mga saklaw na serbisyo na kinakailangan pagkatapos ng isang emergency. Ang mga serbisyo na ito ay ibinibigay kapag tapos na ang emergency upang ipagpatuloy na pabutihin o pagpasiyahan ang kondisyon.

**Ang iyong MHP ang mananagot sa gastos (magbabayad) ng mga serbisyo sa post-stabilization care upang panatilihin, pahusayin, o pagpasiyahan ang pinatatag na kondisyon kung:**

- Hindi sumagot ang MHP sa isang kahilingan mula sa tagapagbigay para sa pre-approval (paunang pahintulot) sa loob ng 1 oras
- Ang MHP ay hindi makontak ng tagapagbigay
- Ang kinatawan ng MHP at ang gumagamot na doktor ay hindi magkasunduan tungkol sa pangangalaga sa iyo at walang makuhang MHP na doktor upang makonsulta. Sa ganitong sitwasyon, dapat bigyan ng MHP ang gumagamot na doktor ng pagkakataong konsultahin ang isang MHP na doktor. Maaaring ipagpatuloy ng gumagamot na doktor ang pangangalaga sa pasyente hanggang natupad ang isa sa mga kondisyon upang tapusin ang post-stabilization care. Dapat siguraduhin ng MHP na hindi ka magbabayad nang anumang ekstra para sa post-stabilization care.

## Kailan Matatapos ang Pananagutan ng MHP ng Aking County sa Pagsaklaw ng Post-Stabilization Care?

**Ang MHP ng iyong county ay HINDI inaatasang magbayad para sa mga serbisyo sa post-stabilization care na walang paunang pahintulot kapag:**

- Ang isang MHP na doktor na may mga pribilehiyo sa gumagamot na ospital ang mananagot para sa iyong pangangalaga.
- Ang isang MHP na doktor ang mananagot para sa iyong pangangalaga sa pamamagitan ng paglipat.
- Ang kinatawan ng MHP at ang gumagamot na doktor ay nagkasundo tungkol sa pangangalaga sa iyo (susundin ng MHP at ng doktor ang kanilang kasunduan tungkol sa pangangalagang iyong kinakailangan).
- Ikaw ay maaari ng umalis (pinauwi na mula sa pasilidad ng isang doktor o ng ibang propesyonal).

# MGA MAY SAPAT NA GULANG AT MATATANDA



## Paano Ko Malalaman Na Kailangan Ko Ng Tulong?

Maraming taong may mahihirap na panahon sa buhay at maaaring makaranas ng mga problema sa pangkaisipang kalusugan. Habang iniisip ng marami na madalang ang mga malaking kapansanan sa isip at emosyon, sa katotohanan, balang araw ay magkakaroon ang isa sa limang tao ng kapansanan sa isip (sikiyatrik). Tulad ng maraming ibang mga sakit, ang sakit sa isip ay maaaring dulot ng iba't-ibang bagay.

Ang pinakamahalagang bagay na tandaan kapag tinatanong mo ang iyong sarili kung kailangan mo ng propesyonal na tulong ay ang pagkatiwalaan ang iyong mga nararamdaman. Kung ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal at sa palagay mo ay kailangan mo ng propesyonal na tulong, dapat kang humiling ng isang pagtatasa mula sa MHP ng iyong county upang masigurado.

## Ano Ang Mga Senyas Na Maaaring Kailangan Ko ng Tulong?

Kung makakasagot ka ng "oo" sa isa o higit pa sa mga sumusunod AT ang mga sintomas ay nananatili nang ilang linggo AT sila'y talagang nakakasagabal sa iyong kakayahang kumilos araw-araw AT ang mga sintomas ay walang kinalaman sa pag-abuso ng alak o mga droga. Kung ganito nga, dapat mong pag-isipang kontakin ang Mental Health Plan (MHP) ng iyong county.

Tatasahan ng isang propesyonal mula sa MHP kung kailangan mo ng espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan mula sa MHP. Kung nagpasiya ang isang propesyonal na hindi mo kailangan ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, maaari ka pa ring gamutin ng iyong regular na doktor o pangunahing tagapagbigay-alaga sa kalusugan, o maaari mong apelahan ang desisyon na iyon (tingnan ang pahina 23).

**Maaaring kailangan mo ng tulong kung mayroon kang ILAN sa mga sumusunod na karamdaman:**

- Depressed (pamimighati) (o karamdamang walang pag-asa o walang lunas o walang-halaga o malungkot na malungkot) halos buong araw, halos araw-araw
- Kawalan ng gana sa mga gawaing nagbibigay-kasiyahan
- Pagbaba o pagtaas ng timbang ng higit sa 5% sa isang buwan
- Sobra o kulang sa tulog
- Mas mabagal na kilos o sobrang kilos ng katawan
- Sobrang pagod halos araw-araw
- Mga karamdaman ng kawalang-halaga o sobrang pagkakasala
- Kahirapang mag-isip o mag-ukol ng pansin o gumawa ng desisyon
- Mas kaunting pangangailangan ng tulog – pakiramdam na 'nakapahinga na' pagkatapos lamang ng ilang oras ng tulog
- Mga isip na "sobrang bilis" para sa iyo
- Masyadong mabilis magsalita at hindi makapigil sa pagsasalita
- Karamdaman na may "naghahanap o humahabol" sa iyo na mga tao
- Nakakarinig ng mga boses at mga tunog na hindi naririnig ng iba
- Nakakakita ng mga bagay na hindi nakikita ng iba
- Hindi makapasok sa trabaho o paaralan
- Walang pakialam sa pansariling kalinisan (pagiging malinis)

*Kung sa palagay mo'y mayroon kang ilan sa mga senyas na nakalista, at ganito ang pakiramdam mo nang ilang linggo, magpatasa sa isang propesyonal. Kung hindi ka sigurado, tanungin ang iyong family doctor o ibang propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan para humingi ng kanilang opinyon.*

- Pagkakaroon ng mga malaking problema sa relasyon
- Nahihiwalay sa ibang tao o ayaw makihalubilo
- Madalas umiyak at para sa "walang dahilan"
- Madalas galit at "biglang nagagalit nang walang dahilan"
- Grabe ang pabago-bago ng mood
- Halos laging nababahala o nababalisa
- Mayroong mga kung tawagin ng iba ay 'di-karaniwan o kakaibang kilos

## Ano Ang Mga Makukuhang Serbisyo?

Bilang isang may sapat na gulang na nasa Medi-Cal, maaaring kwalipikado kang tumanggap ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan mula sa MHP. Ang iyong MHP ay inaatasang tulungan kang malaman kung kailangan mo ang mga serbisyong ito. Kabilang sa ilan sa mga serbisyo na inaatas sa MHP ng iyong county na ibigay, kung kailangan mo sila, ang:

**Mga Serbisyo sa Pangkaisipang Kalusugan –** Kabilang sa mga serbisyong ito ang mga serbisyo sa paggamot ng pangkaisipang kalusugan, tulad ng counseling (pagpapayo) at psychotherapy, na ibinibigay ng mga sikiyatriko, mga sikologo, mga lisensiyadong social worker sa klinika, mga therapist para sa kasal at pamilya, at mga sikiyatrikong nars. Ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan ay maaari ring tawaging mga serbisyo sa rehabilitasyon o pagpapagaling, at nakakatulong sila sa isang taong may sakit sa isip na magdebelop ng mga kakayahan para sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan ay maaari ring ibigay sa isang klinika o opisina ng tagapagbigay, sa telepono, o sa tahanan o ibang lugar sa komunidad.

- Ang mga serbisyo na ito ay maaari minsang ibigay sa isang tao bawat beses (indibidwal na terapi o rehabilitasyon), dalawa o higit pang mga tao nang sabay (terapi para sa grupo o mga serbisyo sa rehabilitasyon para sa grupo), at sa mga pamilya (terapi para sa grupo o mga serbisyo sa rehabilitasyon para sa grupo), at sa mga pamilya (terapi para sa pamilya).

**Mga Pansuportang Serbisyo sa Gamot –** Kabilang sa mga serbisyong ito ang pagreseta, pagbigay ng dosis, pagbigay, at pagmonitor ng mga sikiyatrikong gamot; pamamahala ng gamot mula sa mga sikiyatriko, at edukasyon at pagmomonitor na may kinalaman sa mga sikiyatrikong gamot. Ang mga pansuportang serbisyo sa gamot ay maaari ring ibigay sa isang klinika o opisina ng tagapagbigay, sa telepono, o sa tahanan o ibang lugar sa komunidad.

**Pamamahala sa Takdang Kaso –** Ang serbisyo na ito ay tumutulong sa pagkuha ng mga medikal, pang-edukasyon, sosyal, prevocational, vocational, pang-rehabilitasyon, o iba pang mga serbisyo sa komunidad kapag ang mga serbisyong ito ay mahirap gawin nang sarili ng mga taong may sakit sa isip. Kabilang sa pamamahala sa takdang kaso ang pagdebelop ng plano, komunikasyon, koordinasyon, at referral; pagmonomitor ng pagbigay ng serbisyo upang siguraduhin na makakakuha ang tao ng serbisyo at ng sistema ng pagbigay ng serbisyo; at pagmomonitor ng pag-unlad ng tao.

**Interbensiyon sa Krisis at Pagtatag sa Krisis –** Ang mga serbisyo na ito ay nagbibigay ng paggamot sa pangkaisipang kalusugan sa mga taong may problema sa pangkaisipang kalusugan na hindi makahintay sa isang regular na nakaiskedyul na appointment. Ang interbensiyon sa krisis ay maaaring

magtagal ng hanggang walong oras at maaaring ibigay sa isang klinika o opisina ng tagapagbigay, sa telepono, o sa tahanan o ibang lugar sa komunidad. Ang pagtatag ng krisis ay maaaring magtagal ng hanggang 20 oras at ibinibigay sa isang klinika o ibang pasilidad.

**Mga Serbisyo ng Paggamot sa Tahanan para sa Taong May Sapat na Gulang** – Ang mga serbisyo na ito ay nagbibigay ng paggamot sa pangkaisipang kalusugan sa mga taong nakatira sa mga lisensiyadong pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa tahanan para sa mga taong may sakit sa isip. Ang mga serbisyo na ito ay makukuha 24 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang gastos sa kuwarto at pagkain sa pasilidad na nag-aalok ng mga serbisyo ng paggamot sa tahanan.

**Mga Serbisyo ng Paggamot ng Krisis sa Tahanan –** Ang mga serbisyo na ito ay nagbibigay ng paggamot sa pangkaisipang kalusugan sa mga taong may isang malubhang sikiyatrikong pangyayari o krisis, ngunit hindi nagpapakita ng mga medikal na komplikasyon na nangangailangan ng pangangalaga ng nars. Ang mga Serbisyo ay makukuha 24 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo sa mga lisensiyadong pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa krisis sa tahanan para sa mga taong may sakit sa isip. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang gastos sa kuwarto at pagkain sa pasilidad na nag-aalok ng mga serbisyo ng paggamot sa tahanan para sa mga taong may sapat na gulang.

**Day Treatment Intensive –** Ito ay isang may istrukturang programa ng paggamot ng pangkaisipang kalusugan na ibinibigay sa isang grupo ng mga tao na kung hindi ay mangangailangang magpunta sa ospital o ibang pasilidad na nagbibigay ng 24-oras na pangangalaga. Ang programa ay nagtatagal ng tatlong oras man lamang bawat araw. Ang mga tao ay makakauwi sa kanilang mga sariling tahanan sa gabi.  Kabilang sa programa ang mga gawain sa pagpapahusay ng mga kakayahan (mga kakayahan sa buhay, pakikihalubilo sa ibang tao, atbp.) at mga terapi (sining, libangan, musika, sayaw, atbp.) at pati na rin psychotherapy.

***Ang bawat MHP ng county ay maaaring may bahagyang naiibang mga paraan ng pagbibigay ng mga serbisyong ito, kaya't tingnan ang harap na bahagi ng buklet na ito para sa karagdagang impormasyon, o tawagan ang walang bayad na telepono ng iyong MHP para sa karagdagang impormasyon.***


**Rehabilitasyon sa Araw** – Ito ay isang may istrukturang programa ng paggamot ng pangkaisipang kalusugan upang pahusayin, panatilihin, o ibalik sa dati ang pagsasarili at pagkilos. Ang programa na ito ay dinisenyo upang tulungan ang mga taong may sakit sa isip na matuto at magdebelop ng mga kakayahan.  Ang programa ay nagtatagal ng tatlong oras man lamang bawat araw. Ang mga tao ay umuuwi sa kanilang mga sariling tahanan sa gabi. Kabilang sa programa ang mga gawain sa pagpapahusay ng mga kakayahan (mga kakayahan sa buhay, pakikihalubilo sa ibang tao, atbp.) at mga terapi (sining, libangan, musika, sayaw, atbp.).

**Mga Serbisyo ng Ospital para sa Sikiyatrikong Inpatient –** Ito ang mga serbisyo na ibinibigay sa isang ospital kung saan mananatili ng isang gabi ang tao dahil may sikiyatrikong emergency o dahil ang tao ay nangangailangan ng paggamot sa pangkaisipang kalusugan na maibibigay lamang sa ospital.

**Mga Serbisyo ng Pasilidad para sa Sikiyatrikong Kalusugan –** Ito ang mga serbisyo na ibinibigay sa isang lugar na parang ospital kung saan mananatili ng isang gabi ang tao dahil may sikiyatrikong emergency o dahil ang tao ay nangangailangan ng paggamot sa pangkaisipang kalusugan na maibibigay lamang sa lugar na parang ospital. Ang mga pasilidad para sa sikiyatrikong kalusugan ay dapat may kasunduan sa isang ospital o klinika sa malapit na

lugar upang matugunan ang mga pangangailangan sa pisikal na pangangalaga sa kalusugan ng mga taong nasa pasilidad.

Kabilang din sa mga serbisyong ito ang trabaho na ginagawa ng tagapagbigay upang gawing mas mahusay ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng mga serbisyo. Kabilang sa mga bagay na ito ang mga pagtatasa upang malaman kung kailangan mo ang serbisyo at kung may epekto ang serbisyo; pagdebelop ng plano upang mapagpasiyahan ang mga layunin ng paggamot ng pangkaisipang kalusugan ng isang tao at ang mga takdang serbisyo na ibibigay; “kolateral”, na nangangahulugang pakikipag-ugnayan sa mga kapamilya at mga taong mahalaga sa buhay ng isang tao (kung magbigay ng pahintulot ang tao) kung makakatulong ito sa tao na pabutihin o panatilihin ang kanyang katayuan sa pangkaisipang kalusugan.



## Paano Ko Malalaman Kung Kailangan ng Isang Bata ng Tulong?

**Para sa mga bata mula kapanganakan hanggang 5 taong gulang, may mga senyas na maaaring magsabi na may pangangailangan para sa mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Kabilang sa mga ito ang:**

- Mga magulang na napupuspos sa pagiging magulang o na may mga problema sa pangkaisipang kalusugan
- Isang pangunahing dahilan ng stress sa pamilya, tulad ng diborsiyo o kamatayan ng isang kapamilya
- Pag-abuso ng isang tao sa tahanan ng alak o ng ibang mga droga
- Di-karaniwan o mahirap maunawaang kilos ng bata
- Karahasan o kaguluhan sa tahanan

Kung may isa sa mga kondisyon sa itaas ay nasa tahanan kung saan nakatira ang isang batang hanggang 5 taong gulang, maaaring kailanganin ang espesyal na mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Dapat mong kontakin ang MHP ng iyong county upang humingi ng karagdagang impormasyon at pagtatasa para sa mga serbisyo upang malaman kung matutulungan ka ng MHP.

**Para sa mga batang nasa edad na pumasok sa paaralan, kabilang sa sumusunod na listahan ang ilang mga senyas na dapat makatulong sa iyong magpasiya kung ang iyong anak ay magbebenepisyo mula sa mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Ang iyong anak ay:**

- Nagpapakita ng mga ‘di-karaniwang pagbabago sa mga emosyon o sa mga pagkilos
- Walang mga kaibigan o nahihirapang makasundo ang ibang mga bata
- Mahina sa paaralan, madalas hindi pumapasok o ayaw pumasok sa paaralan
- Nagkakaroon ng maraming mga hindi malubhang sakit o mga aksidente
- Masyadong matakutin
- Masyadong agresibo
- Ayaw mapalayo sa iyo
- Nagkakaroon ng maraming nakakagambalang panaginip
- Nahihirapang makatulog, gumigising sa gitna ng gabi, o nagpupumilit na matulog kasama mo/ninyo
- Biglang ayaw mag-isa kasama ng isang takdang kapamilya o kaibigan o mukhang nagagambala nang husto kapag may nakaharap na kapamilya o kaibigan
- Naglalambing nang hindi angkop o nagpapakita ng mga di-normal na mga sekswal na kilos o may sinasabing mga ‘di-normal ukol sa seks.
- Bigla na lamang walang kibo o galit
- Ayaw kumain
- Madalas napapaiyak

Maaari mong kontakin ang MHP ng iyong county upang mapatasahan ang iyong anak kung sa palagay mo ay nagpapakita siya ng alinman sa mga senyas sa itaas. Kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa Medi-Cal at ipinapakita ng pagtatasa ng MHP na kinakailangan ang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na saklaw ng MHP, aasikasuhin ng MHP upang makatanggap ang bata ng mga serbisyo.

### Paano Ko Malalaman na Kailangan ng Isang Nagdadalaga/Nagbibinata o Kabataan ng Tulong?

Maraming mga kahirapang hinaharap ang mga nagbibinata/nagdadalaga (12-18 taong gulang). Ang mga kabataang nasa 18 hanggang 21 taong gulang ay nasa edad ng pagbabago, na may kanilang sariling walang kaparis na mga kahirapan, at dahil sila'y mga may sapat na gulang na, ayon sa batas ay makakakuha ng mga serbisyo bilang mga taong may sapat na gulang.

Ang ilang mga 'di-karaniwang kilos ng isang nagbibinata/nagdadalaga o kabataan ay maaaring may kinalaman sa mga pisikal at sikolohikal na pagbabago na nangyayari habang sila'y nagiging mga taong may sapat na gulang. Ang mga kabataang may sapat na gulang ay nagtatatag ng kanilang sariling identidad at sila'y nagbabago; mula sa pagiging umaasa sa mga magulang, sila'y nagsasarili. Ang isang magulang o kaibigan na may pagmamalasakit, o ang kabataang maaaring nahihirapang magpasiya kung ano ang "normal na kilos" at kung ano ang mga senyas ng mga emosyonal o pangkaisipang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong.

***Dapat tingnan ng kabataang 18 hanggang 21 taong gulang ang listahan sa kanan at ang listahan ng mga isyu para sa mga may sapat na gulang sa pahina 11, 12, 13 at 14 upang makapagpasiya kung maaaring kailangan ang mga serbisyo sa pangkalusugang kaisipan.***

Ang ilang mga sakit sa isip ay maaaring mag-umpisa sa mga edad sa pagitan ng 12 at 21. Ang listahan sa ibaba ay makakatulong sa iyo na magpasiya kung ang isang nagdadalaga/nagbibinata ay nangangailangan ng tulong. Kung may makikitang higit pa sa isang senyas, o kung higit pa sa isang senyas ang nananatili nang matagal, maaari nitong ipahayag na may mas malubhang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Kung ang isang nagdadalaga/nagbibinata ay:

- Ayaw sumali sa mga karaniwang gawain ng pamilya, kaibigan, at o mga normal na gawain
- Dumaranas ng 'di-maipaliwanag na kahinaan sa pag-aaral
- Nakakaligtaan ang kanilang itsura
- May malaking pagbabago sa timbang
- Lumayas mula sa tahanan
- May marahas o sobrang rebeldeng pagkilos
- May mga pisikal na sintomas nang wala namang napapansing sakit
- Nag-aabuso ng mga droga o alak

Maaaring kontakin ng mga magulang o mga caregiver ng mga nagdadalaga/nagbibinata ang MHP ng county upang humingi ng pagtatasa upang malaman kung ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan ay kinakailangan. Bilang isang taong may sapat na gulang, ang isang kabataan (18 hanggang 20 taong gulang) ay maaaring humingi ng pagtatasa mula sa MHP. Kung ang nagdadalaga/nagbibinata o kabataan ay kwalipikado para sa Medi-Cal at ipinapakita ng pagtatasa ng MHP na kinakailangan ang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na saklaw ng MHP, aasikasuhin ng MHP upang matanggap ng nagdadalaga/nagbibinata o kabataan ang mga serbisyo.

## Ano Ang Mga Makukuhang Serbisyo?

Ang mga serbisyong makukuha ng mga taong may sapat na gulang ay makukuha rin para sa mga bata, mga nagdadalaga/nagbibinata, at mga kabataan. Ang mga serbisyo na makukuha ay mga serbisyo sa pangkaisipang

kalusugan, mga pansuportang serbisyo sa gamot, pamamahala sa takdang kaso, interbensiyon sa krisis, pagtatag sa krisis, day treatment intensive, rehabilitasyon sa araw, mga serbisyo ng paggamot sa tahanan para sa taong may sapat na gulang, mga serbisyo ng paggamot ng krisis sa tahanan, mga serbisyo ng ospital para sa sikiyatrikong inpatient, at mga serbisyo ng pasilidad para sa sikiyatrikong kalusugan. Sinasaklaw din ng MHP ang mga karagdagang espesyal na serbisyo na makukuha lamang ng mga bata, mga nagdadalaga/nagbibinata, at mga taong wala pang 21 taong gulang at kwalipikado para sa buong Medi-Cal (ang buong Medi-Cal ay nangangahulugang ang coverage sa Medi-Cal ay hindi limitado sa isang takdang uri ng mga serbisyo, halimbawa, mga serbisyo lamang sa emergency).

Ang bawat MHP ng county ay maaaring may bahagyang naiibang mga paraan ng pagbibigay ng mga serbisyong ito, kaya't tingnan ang harap na bahagi ng buklet na ito para sa karagdagang impormasyon, o tawagan ang walang bayad na telepono ng iyong MHP para sa karagdagang impormasyon.

## Mayroon Bang Mga Espesyal Na Serbisyo Na Makukuha Para Sa Mga Bata, Mga Nagdadalaga/Nagbibinata, at mga Kabataan?

Mayroong mga espesyal na serbisyo na makukuha mula sa MHP para sa mga bata, mga nagdadalaga/nagbibinata, at mga kabataan na tinatawag na Early and Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment (EPSDT) na karagdagang espesyal na mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Kabilang sa mga EPSDT na serbisyo ang isang serbisyo na tinatawag na Therapeutic Behavioral Services o TBS, na inilalarawan sa susunod na bahagi, at kabilang dito ang mga bagong serbisiyo na kinilala ng mga eksperto sa paggamot ng pangkaisipang kalusugan bilang mga serbisyo na talagang gumagana. Ang mga serbisyo na ito ay makukuha mula sa MHP kung sila ay kinakailangan upang ayusin o pahusayin (pabutihin) ang pangkaisipang kalusugan ng isang taong wala pang 21 taong gulang na kwalipikado para sa buong Medi-Cal at may sakit sa isip na sinasaklaw ng MHP (tingnan ang pahina 10 para sa impormasyon tungkol sa mga sakit sa isip na sinasaklaw ng MHP).

Ang MHP ay hindi inaatasang magbigay ng mga espesyal na serbisyo na ito kung nagpasiya ang MHP na ang isa sa mga regular na serbisyo na sinasaklaw ng MHP ay makukuha at tutugon sa mga pangangailangan ng bata, nagdadalaga/nagbibinata, o ng kabataan. Ang MHP ay hindi rin inaatasang magbigay ng mga espesyal na serbisyo na ito sa tahanan at mga lugar ng komunidad kung natasa ng MHP na ang kabuuang gastos ng pagbigay ng mga espesyal na serbisyo sa tahanan o sa komunidad ay mas malaki kaysa sa kabuuang gastos ng pagbibigay ng mga katulad na serbisyo sa isang institusyon na sa ibang paraan ay nagbibigay ng angkop na antas ng pangangalaga.

## Ano Ang Therapeutic Behavioral Services (TBS)?

**Ang TBS ay isang uri ng espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na makukuha sa MHP ng bawa't county kung ikaw ay may mga malubhang mosyonal na problema. Dapat ay wala ka pang 21 taong gulang at may buong Medi-Cal upang makakuha ng TBS.**

- Kung ikaw ay nakatira sa tahanan, maaaring makipagtulungan ang tauhan ng TBS sa iyo upang bawasan ang mga malaking problema upang tulungang kang maiwasan ang pangangailangang magpunta sa isang mas mataas na antas ng pangangalaga, tulad ng isang group home (tahanan para sa isang grupo) para sa mga bata, mga nagdadalaga/nagbibinata, at mga kabataan na may mga malubhang-malubhang emosyonal na problema.
- Kung ikaw ay nakatira sa isang group home para sa mga bata, mga nagdadalaga/nagbibinata, at mga kabataan, maaaring makipagtulungan ang tauhan ng TBS sa iyo upang subukang mailipat ka sa mas mababang antas ng pangangalaga, tulad ng isang foster home o ibalik ka sa tahanan. Ang TBS ay tutulong sa iyo at sa iyong pamilya, caregiver, o tagapag-alaga na matuto ng mga bagong paraan ng pagkontrol ng mga kilos na nagdudulot ng problema at mga paraan upang dagdagan ang mga uri ng kilos na magbibigay sa iyo ng pagkakataong maging matagumpay. Ikaw, ang tauhan ng TBS, at ang iyong pamilya, caregiver, o tagapag-alaga ay makikipagtulungan nang husto sa maikling panahon hanggang hindi mo na kailangan ang TBS. Magkakaroon ka ng TBS na plano na magsasabi kung ano ang gagawin mo, ng iyong pamilya, ng caregiver, o ng tagapag-alaga, at ng tauhan ng TBS habang isinasagawa ang TBS, at kung kailan at kung saan mangyayari ang TBS. Ang TBS na tauhan ay maaaring makipagtulungan sa iyo sa halos lahat ng lugar kung saan ka marahil nangangailangan ng tulong sa iyong kilos na nagdudulot ng problema. Kabilang dito ang iyong tahanan, foster home, group home, paaralan, programa ng paggamot sa araw at ibang mga lugar sa komunidad.

## Sino Ang Maaaring Makakuha ng TBS?

**Maaari kang makakuha ng TBS kung ikaw ay may buong Medi-Cal, wala pang 21 Taong gulang, may mga malubhang emosyonal na problema AT:**

- Nakatira sa isang group home para sa mga bata, mga nagdadalaga/nagbibinata, at mga kabataan na may mga malubhang-malubhang emosyonal na problema. [Ang mga group home na ito ay tinatawag minsang Rate Classification Level (RCL) 12, 13 o 14 group homes]; O KAYA
- Nakatira sa isang estadong ospital para sa pangkaisipang kalusugan, isang narsing na pasilidad na espesyalista sa paggamot ng pangkaisipang kalusugan, o isang Mental Health Rehabilitation Center (ang mga lugar na ito ay tinatawag ding mga institusyon para sa mga sakit sa isip o mga IMD); O KAYA
- Nasasapanganib dahil kailangang manirahan sa isang group home (RCL 12, 13 or 14), isang ospital para sa pangkaisipang kalusugan, o IMD; O KAYA
- Na-ospital na, sa loob ng huling 2 taon, para sa mga emergency na problema sa pangkaisipang kalusugan.

## Mayroon Bang Ibang Mga Bagay Na Dapat Mangyari Upang Makakuha Ako Ng TBS?

Oo. Dapat ay tumatanggap ka ng ibang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Ang TBS ay nagdaragdag sa ibang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Hindi ito kapalit ng mga ito. Dahil ang TBS ay para lamang sa maikling panahon, maaaring kailanganin ang ibang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan upang iwasan ang pagbalik ng mga problema o lumalà ang mga ito kapag natapos na ang TBS.

**Ang TBS ay HINDI ibinibigay kung ang dahilan kung bakit kailangan ito ay:**

- Upang matulungan ka lamang sumunod sa isang utos ng hukuman tungkol sa probasyon
- Upang maprotektahan lamang ang iyong pangkatawang kaligtasan o kaligtasan ng ibang tao
- Upang gawin lamang mas madali ang mga bagay para sa iyong pamilya, caregiver, tagapag-alaga, o mga guro
- Upang matulungan lamang ang mga kilos na hindi bahagi ng iyong mga problema sa pangkaisipang kalusugan

Hindi ka makakakuha ng TBS habang ikaw ay nasa ospital ng pangkaisipang kalusugan, isang IMD, o nakasarang lugar para sa hustisya para sa kabataan, tulad ng isang juvenile hall. Ngunit kung ikaw ay nasa isang ospital para sa pangkaisipang kalusugan o sa isang IMD, maaaring makakalabas ka nang mas maaga sa mental hospital o IMD dahil ang TBS ay maaaring idagdag sa ibang espesyal na mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan upang matulungan kang manatili sa isang mas mababang antas ng pangangalaga (tahanan, foster home o group home).

## Paano Ako Makakakuha Ng TBS?

Kung sa palagay mo'y kailangan mo ng TBS, tanungin ang iyong sikiyatriko, therapist, o manager ng kaso, kung mayroon ka na nito, o kontakin ang MHP at hilingin ang mga serbisyo. Ang isang kapamiliya, caregiver, tagapag-alaga, doktor, sikologo, counselor (tagapayo) o social worker ay maaaring tumawag at humingi ng impormasyon tungkol sa TBS o ibang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan para sa iyo. Maaari mo ring tawagan ang MHP at magtanong tungkol sa TBS.

## Sino Ang Magpapasiya Kung Kailangan Ko Ng TBS At Saan Ko Sila Makukuha?


Ang MHP ang magpapasiya kung kailangan mo ng espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, kabilang ang TBS. Kadalasan, ang isang tauhan ng MHP ay kakausap sa iyo, iyong pamilya, caregiver, o tagapag-alaga, at iba pang mga taong mahalaga sa iyong buhay at gagawa ng plano para sa lahat ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na kailangan mo, kabilang ang isang plano ng TBS, kung kailangan ang TBS. Maaaring magtagal ito ng isa o dalawang pagpupulong, minsan higit pa. Kung kailangan mo ng TBS, may itatakda sa iyo bilang iyong tauhan mula sa TBS.

## Ano Ang Dapat Nasa Aking Plano ng TBS?

Sasabihin ng iyong plano ng TBS ang mga kilos na nagdudulot ng problema na dapat baguhin at kung ano ang gagawin ng tauhan ng TBS, mo, at paminsan-minsan ng iyong pamilya, caregiver, o tagapag-alaga kapag nangyari ang TBS. Sasabihin ng plano ng TBS kung ilang mga oras bawat araw at ilang araw bawat linggo makikipagtulungan ang tauhan ng TBS sa iyo, iyong pamilya, caregiver, o tagapag-alaga. Ang mga oras sa TBS na Plano ay maaaring sa araw, maaga sa umaga, o sa gabi. Ang mga araw sa Plano ng TBS ay maaaring sa Sabado't Linggo at pati rin Lunes hanggang Biyernes. Sasabihin ng plano ng TBS kung gaano mo katagal matatanggap ang TBS. Ang plano ng TBS ay regular na pagbabalik-aralan. Ang TBS ay maaaring magtagal kung ipinakita ng pagbabalik-aral na ikaw ay bumubuti ngunit kailangan mo ng karagdagang panahon.

## Ano Ang “Medikal na Pangangailangan” At Bakit Ito Napakahalaga?

Ang isa sa mga kondisyon na kinakailangan upang makatanggap ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa pamamagitan ng MHP ng iyong county ay tinatawag na isang “medikal na pangangailangan.” Ang ibig sabihin, kakausapin ka ng isang doktor o ibang propesyonal sa pangkaisipang kalusugan upang magpasiya kung mayroong medikal na pangangailangan para sa mga serbisyo, at kung ikaw ay matutulungan ng mga serbisyo kung binigyan ka ng mga ito.



Mahalaga ang salitang “medikal na pangangailangan” dahil makakatulong itong magpasiya kung ano ang mga serbisyong makukuha mo at kung paano mo sila makukuha. Ang pagpapasiya na ito’y “medikal na pangangailangan” ay isang napakahalagang bahagi ng proseso ng pagkuha ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan.

## Ano Ang Mgag Pagiging “Medikal na Pangangailangan” Upang Makakuha Ng Coverage Para Sa Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Maliban Sa Mga Serbisyo Sa Ospital?

Bilang bahagi ng pagpapasiya kung kailangan mo ng mga serbisyo sa espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, makikipagtulungan sa iyo at sa iyong tagapagbigay ang MHP ng iyong county upang magpasiya kung ang mga serbisyo ay isang “medikal na pangangailangan”, tulad ng nakalarawan sa itaas.Nilalarawan ng bahagi na ito kung paano gagawin ng iyong MHP ang pagpapasiya na iyon.

Hindi mo kailangang malaman kung mayroon kang diyagnosis, o isang takdang sakit sa isip, upang humingi ng tulong.  Matutulungan ka ng MHP na makuha ang impormasyong ito gamit ang isang “pagtatasa”.  Mayroong apat na kondisyon na titingnan ng iyong MHP upang magpasiya kung ang iyong mga serbisyo ay isang “medikal na pangangailangan” at kwalipikado para sa coverage mula sa MHP:

**(1) Dapat ay nadiyagnos ka ng MHP ng isa sa mga sumusunod na mga sakit sa isip tulad ng nakalarawan sa Diagnostic and Statistical Manual, Fourth Edition, na inilathala ng American Psychiatric Association:**

- Pervasive Developmental Disorders, maliban sa Autistic Disorders
- Disruptive Behavior at Attention Deficit Disorders
- Feeding and Eating Disorders Habang Sanggol at Bata Pa
- Elimination Disorders
- Iba Pang mga Disorder Habang Sanggol, Bata, o Nagdadalaga/Nagbibinata
- Schizophrenia at iba pang Psychotic Disorders
- Mood Disorders
- Anxiety Disorders
- Somatoform Disorders
- Factitious Disorders

*Hindi mo kailangang malaman ang iyong diyagnosis upang humingi sa MHP ng pagtatasa upang malaman kung kailangan mo ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan mula sa MHP.*

- Dissociative Disorders
- Paraphilias
- Gender Identity Disorder
- Eating Disorders
- Impulse Control Disorders Na Hindi Klasipikado sa Ibang Lugar
- Adjustment Disorders
- Personality Disorders, maliban sa Antisocial Personality Disorder
- Medication-Induced Movement Disorders na may kinalaman sa ibang mga kasamang diyagnosis

**AT**

**(2) Dapat ay mayroon kang isa man lamang sa mga sumusunod na problema bilang resulta ng diyagnosis:**

- Malaking kahirapan sa isang mahalagang dako ng pamumuhay
- Isang probabilidad ng malaking pagsamâ sa isang mahalagang dako ng pamumuhay
- Maliban sa nakatakda sa bahagi para sa mga taong wala pang 21 taong gulang, isang probabilidad na ang isang bata ay hindi debelopmental na susulong ayon sa naaangkop bilang indibidwal

*Kung HINDI mo natutupad ang mga pamantayang ito, hindi ibig sabihing hindi ka makakakuha ng tulong. Ang tulong ay maaaring makuha mula sa iyong regular na Medi-Cal na doktor, o sa pamamagitan ng karaniwang Medi-Cal na programa.*

**AT**

**(3) Inaasahang ang minumungkahing paggamot ay:**

- Makakabawas nang malaki sa problema
- Iiwas nang malaki sa isang mahalagang dako ng pamumuhay
- Magbibigay sa isang bata ng pagkakataong debelopmental na sumulong ayon sa naaangkop bilang indibidwal

**AT**

**(4) Ang kondisyon ay hindi sana tutugon sa paggamot na batay sa pangangalaga ng pangkatawang kalusugan.**
Kapag ang mga pangangailangan ng pagiging "medikal na pangangailangan" na bahagi na ito ay natugunan, ikaw ay kwalipikadong tumanggap ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan mula sa MHP.

## Ano Ang Mga Pamantayan Ng Pagiging "Medikal na Pangangailangan" Upang Saklawin Ang Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Para Sa Mga Taong Wala Pang 21 Taong Gulang?

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, may buong Medi-Cal, at may isa sa mga diyagnosis na nakalista sa (1) sa itaas, ngunit hindi tumutugon sa mga pamantayan sa (2) at (3) sa itaas, kailangang makipagtulungan sa iyo at sa iyong tagapagbigay ang MHP upang magpasiya kung maaayos o mapapabuti (mapapahusay) ang iyong pangkaisipang kalusugan. Kung maaayos o mapapabuti ng mga serbisyo na saklaw ng MHP ang iyong pangkaisipang kalusugan, ibibigay ng MHP ang mga serbisyong ito.

## Ano Ang Mga Pamantayan Ng Pagiging "Medikal Na Pangangailangan" Upang Makakuha Ng Reimbursement (Pagsasauli Ng Bayad) Para Sa Mga Serbisyo Ng Ospital Para Sa Sikiyatrikong Inpatient?

*Kung kailangan mo ang mga serbisyo sa ospital na ito, babayaran ng iyong MHP ang pagpasok sa ospital, kung natutupad mo ang mga kondisyon sa kanan, na tinatawag na mga pamantayan sa medikal na pangangailangan.*

Isang paraan ng pagpapasiya ng iyong MHP kung kailangan mong manatili ng isang gabi sa ospital para sa paggamot ng pangkaisipang kalusugan ay kung gaano "medikal na kinakailangan" ito sa iyong paggamot. Kung ito'y medikal na kinakailangan, tulad ng nakalarawan sa itaas, babayaran ng iyong MHP ang iyong pagka-ospital.  Gagawa ng pagtatasa upang makatulong malaman ito.

Kapag ikaw at ang iyong MHP o ang tagapagbigay ng iyong MHP ay nagplano na pumasok ka sa ospital, magpapasiya ang MHP tungkol sa pagiging medikal na pangangailangan bago ka magpunta sa ospital. Kadalasan, ang mga tao'y nagpupunta sa ospital kapag may emergency at ang MHP at ospital ay nakikipagtulungan upang magpasiya tungkol sa pagiging medikal na pangangailangan. Hindi ka kailangang mag-alala tungkol sa kung ang mga serbisyo ay medikal na kinakailangan o hindi kung magpunta ka sa ospital kapag may emergency (tingnan ang bahagi para sa Estado ng California sa pahina 6 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano sinasaklaw ang mga emergency).

**Kung ikaw ay may sakit sa isip o mga sintomas ng sakit sa isip at hindi ka maaaring ligtas na gamutin sa mas mababang antas ng pangangalaga, at, dahil sa sakit sa isip o mga sintomas ng sakit sa isip, ikaw:**

- Ay kasalukuyang panganib sa iyong sarili o sa iba, o sanhi ka ng malaking paninira sa ari-arian
- Ay nahahadlangang magbigay o gumamit ng pagkain, kasuotan o shelter
- Ay malaking panganib sa iyong pangkatawang kalusugan
- Ay may kamakailan at malaking pagsamâ sa kakayahang kumilos, at
- Ay nangangailangan ng sikiyatrikong pagtatasa, paggamot gamit ang gamot, o ibang paggamot na maaari lamang ibigay sa ospital.

**Ang MHP ng iyong county ang magbabayad para sa mas matagal na pananatili sa ospital para sa sikiyatrikong inpatient kung mayroon kang isa sa mga sumusunod:**

- Ang patuloy na pagkakaroon ng pamantayan ng pagiging "medikal na pangangailangan" tulad ng nakalarawan sa itaas
- Isang malubha at negatibong reaksyon sa mga gamot, mga pamamaraan, o mga terapi na nangangailangan ng patuloy ng pagka-ospital
- Ang pagkakaroon ng mga bagong problema na tumutupad sa pamantayan ng pagiging medikal na pangangailangan
- Ang pangangailangan para sa patuloy na medikal na pagtatasa o paggamot na maibibigay lamang sa isang ospital para sa sikiyatrikong inpatient

Maaari kang maipalabas ng MHP ng iyong county mula sa isang ospital para sa sikiyatrikong inpatient (isang gabi sa ospital) kapag sinabi ng iyong doktor na ikaw ay matatag na. Ibig sabihin nito ay inaasahan ng doktor na hindi ka lalalà kung ikaw ay inilabas sa ospital.

# Abiso ng Aksyon

## Ano Ang Abiso Ng Aksyon?

Ang Abiso ng Aksyon, minsan tinatawag na NOA, ay isang pormularyo na ginagamit ng Mental Health Plan (MHP) ng iyong county upang sabihin sa iyo kung kailan gumagawa ng desisyon ang MHP tungkol sa kung tatanggap ka ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan o hindi. Ang Abiso ng Aksyon ay ginagamit din upang sabihin sa iyo kung ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela ay hindi napagpasiyahan nang nasa panahon, o kung hindi mo nakuha ang mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan ng MHP sa panahon ng pagbibigay ng mga serbisyo.




## Kailan Ako Makakakuha Ng Abiso Ng Aksyon?

**Makakakuha ka ng Abiso ng Aksyon:**

- Kung ang iyong MHP o ang isa sa mga tagapagbigay ng MHP ay nagpasiya na hindi ka kwalipikadong tumanggap ng anumang mga espesyal na serbisyo ng Medi-Cal sa pangkaisipang kalusugan dahil hindi mo natutupad ang pamantayan ng pagiging medikal na pangangailangan. Tingnan ang pahina 21 para sa impormasyon tungkol sa medikal na pangangailangan.
- Kung sa palagay ng iyong tagapagbigay ay kailangan mo ng serbisyo sa espesyal na pangkaisipang kalusugan at humingi ito ng pahintulot sa MHP, ngunit hindi sumang-ayon ang MHP at nagsabi ito ng “hindi” sa kahilingan ng iyong tagapagbigay, o pinalitan nito ang uri o kadalasan ng serbisyo. Kadalasan, tatanggap ka ng Abiso ng Aksyon bago mo matanggap ang serbisyo, ngunit minsan ay darating ang Abiso ng Aksyon pagkatapos mong natanggap ang serbisyo, o habang ikaw ay tumatanggap ng serbisyo. Kung nakakuha ka ng Abiso ng Aksyon pagkatapos mong natanggap ang serbisyo, hindi mo kailangang bayaran ang serbisyo.
- Kung humingi ang iyong tagapagbigay ng pahintulot mula sa MHP, ngunit kailangan ng MHP ng karagdagang impormasyon upang gumawa ng desisyon at hindi nito kinumpleto ang proseso ng pahintulot sa tamang panahon.
- Kung hindi nagbigay sa iyo ang iyong MHP ng mga serbisyo batay sa mga iskedyul na itinakda ng MHP. Tawagan ang MHP ng iyong county upang malaman kung ang MHP ay nagtakda ng mga pamantayan para sa iskedyul.
- Kung nag-file ka ng karaingan sa MHP at ang MHP ay hindi bumalik sa iyo nang may nakasulat na desisyon tungkol sa iyong karaingan sa loob ng 60 araw. Tingnan ang pahina 34 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga karaingan.
- Kung nag-file ka ng apela sa MHP at ang MHP ay hindi bumalik sa iyo nang may nakasulat na desisyon tungkol sa iyong apela sa loob ng 45 araw, o kung nag-file ka ng pinabilis na apela, sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Tingnan ang pahina 28 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga apela.

***Mangyaring basahin ang susunod na seksyon sa buklet na ito tungkol sa mga Proseso ng Pagpapasiya sa Problema para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga karaingan, mga apela, at State Fair Hearings.***

## Ako Ba Ay Laging Makakatanggap ng Abiso ng Aksyon Kapag Hindi Ko Nakuha Ang Mga Serbisyo Na Gusto Ko?

Mayroong mga ilang kaso kung saan maaaring hindi ka tatanggap ng Abiso ng Aksyon. Kung ikaw at ang iyong tagapagbigay ay hindi nagkasunduan sa mga serbisyo na kailangan mo, hindi ka makakakuha ng Abiso ng Aksyon mula sa MHP. Kung sa palagay mo ay mabagal magbigay sa iyo ng mga serbisyo ang MHP, ngunit hindi nagtakda ng iskedyul ang MHP, hindi ka tatanggap ng Abiso ng Aksyon.

Maaari ka pa ring mag-file ng apela sa MHP o kung nakumpleto mo na ang proseso ng Pag-aapela, maaari kang humiling ng isang state fair hearing (makatarungang paglilitis sa estado) kapag nangyari ang mga bagay na ito. Ang impormasyon tungkol sa kung paano mag-file ng apela o humiling ng isang makatarungang paglilitis ay nasa buklet na ito umpisa sa pahina 26. Ang impormasyon ay makukuha rin sa opisina ng iyong tagapagbigay.

## Ano Ang Sasabihin sa Akin Ng Abiso Ng Aksyon?

Sasabihin sa iyo ng Abiso ng Aksyon:

- Ang ginawa ng MHP ng iyong county na nakakaapekto sa iyo at sa iyong kakayahang kumuha ng mga serbisyo.
- Ang petsa ng pagkabisa ng desisyon at ang dahilan kung bakit ginawa ng MHP ang kanyang desisyon.
- Ang mga patakaran ng estado at pederal na sinunod ng MHP nang ginawa nito ang desisyon.
- Ano ang iyong mga karapatan kung hindi ka sumasang-ayon sa ginawa ng MHP.
- Paano mag-file ng apela sa MHP.
- Paano humiling ng isang State Fair Hearing.
- Paano humiling ng isang pinabilis na apela o pinabilis na makatarungang paglilitis.
- Paano kukuha ng tulong sa pag-file ng apela o paghiling ng isang State Fair Hearing.
- Gaano mo katagal dapat i-file ang isang apela o kahilingan para sa isang State Fair Hearing.
- Kung ikaw ay kwalipikadong magpatuloy na tumanggap ng mga serbisyo habang ikaw ay naghihintay sa desisyon ng Apela o State Fair Hearing.
- Kailan mo dapat i-file ang iyong Apela o State Fair Hearing na kahilingan kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo.

***Dapat kang magpasiya kung sumasang-ayon ka sa sinasabi ng MHP sa pormularyo. Kung nagpasiya ka na hindi ka sumasang-ayon, maaari kang mag-file ng Apela sa iyong MHP, o pagkatapos makumpleto ang proseso ng Apela, maaari kang humiling ng isang State Fair Hearing, na maingat na mag-file sa tamang panahon. Kadalasan, magkakaroon ka ng 90 araw upang humiling ng isang State Fair Hearing o mag-file ng isang Apela.***

## Ano Ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakakuha Ako Ng Abiso Ng Aksyon?

Kapag nakakuha ka ng Abiso ng Aksyon, dapat mong basahin nang maingat ang lahat ng impormasyon sa pormularyo. Kung hindi mo naiintindihan ang pormularyo, matutulungan ka ng iyong MHP. Maaari ka ring magpatulong sa ibang tao.

Kung sinasabi sa iyo ng Abiso ng Aksyon na maaari mong ipagpatuloy ang mga serbisyo habang ikaw ay naghihintay sa desisyon ng State Fair Hearing, dapat mong hilingin ang state fair hearing sa loob ng 10 araw mula petsa ng pagkoreo o personal na pagpapadala sa iyo ng Abiso ng Aksyon o, kung ang Abiso ng Aksyon ay ipinadala ng higit sa 10 araw bago ng petsa ng pagkabisa ng pagbabago sa mga serbisyo, bago ng petsa ng pagkabisa ng pagbabago.

***Bagama't pinamamahalaan ng karamihan ng mga county ang Proseso ng Pagpapasiya sa Problema sa paraang ipinahayag, maaaring mayroong mga ilang kaibahan sa mga county sa paraan ng pamamahala. Tingnan ang tiyak na impormasyon tungkol sa iyong county sa harap ng buklet na ito.***

***Ang Mental Health Ombudsman Services ng Estado ay matatawagan sa (800) 896-4042 (may makukuhang serbisyo ng tagasalin) o TTY (800) 896-2512, o mag-fax sa (916) 653-9194, o mag e-mail sa ombudsman@dmh.ca.gov.***

## Paano Kung Hindi Ko Matanggap Ang Mga Serbisyo Na Gusto Ko Mula sa Aking County MHP?

Ang MHP ng iyong county ay may paraan upang malutas mo ang problema tungkol sa anumang isyu na may kinalaman sa espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na natatanggap mo. Ito ay ang tinatawag na proseso ng pagpapasiya sa problema, at maaaring kabilang dito ang alinman sa:

1. **Grievance Process (Proseso ng Karaingan) –** isang pagpapahiwatig ng kawalan ng kasiyahan tungkol sa iyong mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na hindi isa sa mga problema na sinasaklaw ng mga proseso ng Apela at State Fair Hearing.

2. **Appeal Process** (Proseso ng Apela) – pagbabalik-aral sa isang desisyon (pagtanggi o mga pagbabago sa mga serbisyo) na ginawa ng MHP o ng iyong tagapagbigay tungkol sa iyong mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan.

***O kaya, oras na nakumpleto mo ang proseso ng pagpapasiya sa problema sa MHP, maaari kang mag-file ng isang:***

3. **State Fair Hearing Process (Proseso ng Makatarungang Paglilitis ng Estado) –** pagbabalik-aral upang siguraduhin na natatanggap mo ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na kwalipikado kang matanggap sa ilalim ng programa ng Medi-Cal.

Ang iyong MHP ang magbibigay sa iyo, sa lahat ng mga kinaroroonan ng tagapagbigay, ng mga pormularyo at may address na na mga sobre para sa karaingan at apela, at hindi mo kailangang hingin pa ito sa kahit sinuman. Ang MHP ng iyong county ay dapat magpaskil -- sa lahat ng mga kinaroroonan ng tagapagbigay -- ng mga abiso na naglalarawan ng pamamaraan ng proseso ng karaingan at apela, magbigay ng mga serbisyo ng tagasalin ng wika nang walang bayad, at mga walang bayad na matatawagang telepono upang matulungan ka sa mga karaniwang oras ng negosyo.

Ang pag-file ng isang Karaingan, Apela o isang State Fair Hearing ay hindi gagamitin laban sa iyo. Kapag kompleto na ang iyong karaingan o apela, sasabihin ng MHP ng iyong county sa iyo at sa ibang may kinalaman kung ano ang pangwakas na resulta. Kapag kompleto na ang iyong State Fair Hearing, sasabihin ng State Hearing Office sa iyo at sa ibang may kinalaman kung ano ang pangwakas na resulta.

## Makakakuha Ba Ako ng Tulong sa Pag-file ng Apela, Karaingan O State Fair Hearing?

Ang MHP ng iyong county ay magkakaroon ng mga taong makakapaglarawan ng mga proseso na ito sa iyo at makakatulong sa iyong iulat ang problema bilang isang Karaingan, isang Apela o isang kahilingan para sa State Fair Hearing. Maaari rin silang makatulong sa iyo na malaman kung ikaw ay kwalipikado para sa isang tinatawag na "pinabilis" na proseso, na ang ibig sabihin ay mas mabilis ito pagbabalik-aralan dahil nasa panganib ang iyong kalusugan o katatagan. Maaari mo ring pahintulutan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa pangkaisipang kalusugan.

## Paano Kung Kailangan Ko ng Tulong Upang Lutasin Ang Isang Problema sa Aking MHP Ngunit Ayaw Kong Mag-file Ng Isang Karaingan O Apela?

Makakakuha ka ng tulong mula sa Estado kung nahihirapan kang humanap ng mga tamang tao sa MHP makakatulong sa iyong mahanap ang iyong daan sa sistema ng MHP. Ang Estado ay may isang programa ng Mental Health Ombudsman Services na makapagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang sistema ng MHP, makapagpapaliwanag sa iyo ng iyong mga karapatan at mga mapipili, makakatulong sa iyong lutasin ang mga problema sa pagkuha ng mga serbisyo na kinakailangan mo, at makakapagsangguni sa iyo sa ibang tao sa MHP o sa iyong komunidad na maaaring makatulong sa iyo.

Ang iyong MHP ang may pananagutang magbigay sa iyo ng pagkakataong humiling ng pagbabalik-aral sa isang desisyon na ginawa ng MHP o ng iyong mga tagapagbigay tungkol sa iyong mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Mayroong dalawang paraan upang humiling ng pagbabalik-aral. Ang isang paraan ay ang gamitin ang proseso ng mga karaniwang apela. Ang pangalawang paraan ay ang gamitin ang pinabilis na proseso ng mga apela. Ang dalawang uri ng mga apela na ito ay magkatulad; gayunman ay may mga takdang pangangailangan upang maging kwalipikado para sa isang pinabilis na apela. Ang mga takdang pangangailangan ay ipinapaliwanag sa ibaba.

## Ano Ang Isang Karaniwang Apela?

Ang Karaniwang Apela ay isang kahilingan upang pagbalik-aralan ang isang problema na mayroon ka sa MHP o sa iyong tagapagbigay na may kinalaman sa pagtanggi o pagbabago sa mga serbisyo na palagay mo'y kailangan mo. Kung humiling ka ng isang karaniwang apela, maaaring abutin ang MHP ng hanggang 45 araw upang pagbalik-aralan ito. Kung sa palagay mo'y maisasapanganib ang iyong kalusugan kung maghihintay ka ng 45 araw, dapat kang humingi ng "pinabilis na apela".

**Sa pamamagitan ng proseso ng karaniwang apela:**

- Bibigyan ka ng pagkakataong personal na mag-file ng apela, mag-file sa telepono, o nang nakasulat. Kung personal o sa telepono mo isinumite ang iyong apela, dapat mo itong sundan ng isang nilagdaang nakasulat na apela. Makakakuha ka ng tulong sa pagsulat ng Apela. Kung hindi mo ito sinundan ng isang nilagdaang nakasulat na apela, ang apela mo ay hindi mapapagpasiyahan. Gayunman, ang petsa kung kailan mo isinumite ang binigkas na apela ay ang petsa ng filing.
- Masisiguro na ang pag-file ng apela ay hindi magagamit laban sa iyo o sa iyong tagapagbigay sa anumang paraan.
- Bibigyan ka ng pagkakataong pahintulutan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang iyong tagapagbigay. Kung pinahintulutan mo ang ibang tao na kumilos para sa iyo, maaari kang hilingin ng MHP na lumagda sa isang pormularyo na nagpapahintulot sa MHP na ibigay ang impormasyon sa taong iyon.
- Mapapatuloy nito ang iyong mga benepisyo kapag humiling ka ng isang Apela sa loob ng kinakailangang panahon na 10 araw mula sa petsa kung kailan ang iyong Abiso ng Aksyon ay ikinoreo o ibinigay nang personal sa iyo. Hindi ka kailangang magbayad para sa patuloy na mga serbisyo habang hindi pa napagpapasiyahan ang isang apela.
- Masisiguro na ang mga taong gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong gawin ito at walang kinalaman sa anumang dating antas ng pagbabalik-aral o paggawa ng desisyon.
- Bibigyan ka o ang iyong kinatawan ng pagkakataong tingnan ang iyong file sa kaso, kabilang ang iyong medikal rekord, at anumang ibang mga dokumento o mga rekord na isinasaalang-alang sa proseso ng apela, bago at habang isinasagawa ang proseso ng apela.
- Bibigyan ka ng pagkakataong magkaroon ng makatwirang pagkakataong ipakita ang ebidensiya o mga paratang ng katotohanan o batas, nang personal o nang nakasulat.

- Bibigyan ka, ang iyong kinatawan, o ang legal na kinatawan ng estado ng isang yumaong benepisyaryo ng pagkakataong masali bilang mga partido sa apela.
- Ipaaalam sa iyo na ang iyong apela ay pinagbabalik-aralan sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na pagpapatunay
- Ipaaalam sa iyo ang iyong karapatang humiling ng isang State Fair Hearing pagkatapos makumpleto ang proseso ng Apela..

## Kailan Ako Maaaring Mag-file Ng Apela?

**Maaari kang mag-file ng apela sa MHP ng iyong county:**

- Kung ang iyong MHP o ang isa sa mga tagapagbigay ng MHP ay nagpasiya na hindi ka kwalipikadong tumanggap ng anumang mga espesyal na serbisyo ng Medi-Cal sa pangkaisipang kalusugan dahil hindi mo natutupad ang pamantayan na ito'y medikal na pangangailangan. (Tingnan ang pahina 21 para sa impormasyon tungkol sa medikal na pangangailangan.)
- Kung sa palagay ng iyong tagapagbigay ay kailangan mo ng serbisyo sa espesyal na pangkaisipang kalusugan at humingi ito ng pahintulot sa MHP, ngunit hindi sumang-ayon ang MHP at nagsabi ito ng "hindi" sa kahilingan ng iyong tagapagbigay, o pinalitan nito ang uri o kadalasan ng serbisyo.
- Kung humingi ang iyong tagapagbigay ng pahintulot mula sa MHP, ngunit kailangan ng MHP ng karagdagang impormasyon upang gumawa ng desisyon at hindi nito kinumpleto ang proseso ng pahintulot sa tamang panahon.
- Kung hindi nagbigay sa iyo ang iyong MHP ng mga serbisyo batay sa mga iskedyul na itinakda ng MHP.
- Kung sa palagay mo ay mabagal magbigay sa iyo ng mga serbisyo ang MHP.
- Kung ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela ay hindi napagpasiyahan nang nasa panahon.
- Kung ikaw at ang iyong tagapagbigay ay hindi nagkasunduan sa mga serbisyo na kailangan mo

## Paano Ako Maaaring Mag-file Ng Apela?

Tingnan ang harap na bahagi ng buklet na ito para sa impormasyon kung paano mag-file ng apela sa iyong MHP. Maaari mong tawagan ang walang bayad na telepono ng MHP ng iyong county (nakalagay rin ito sa harap na bahagi ng buklet na ito) upang makakuha ng tulong sa pag-file ng apela. Magbibigay ang MHP ng may address na na mga sobre sa lahat ng mga kinaroroonan ng tagapagbigay upang maikoreo mo ang iyong apela.

## Paano Ko Malalaman Kung Ang Aking Apela Ay Napagpasiyahan Na?

**Makakatanggap ka o ang iyong kinatawan ng sulat mula sa iyong MHP na magsasabi kung ano ang kanilang desisyon sa iyong apela. Ang pagbibigay-alam ay maglalaman ng sumusunod na impormasyon:**

- Ang mga resulta ng proseso ng pagpapasiya sa apela
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon sa apela
- Kung ang apela ay hindi napagpasiyahan nang lamáng nang husto sa iyo, ang abiso ay magtataglay din ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang state fair hearing at pamamaraan sa pag-file ng isang state fair hearing.

## May Deadline Ba Sa Pag-file Ng Apela?

Dapat kang mag-file ng apela sa loob ng 90 araw ng petsa ng abiso na inaapelahan mo kapag nakatanggap ka ng abiso ng aksyon (tingnan ang pahina 24). Tandaan na hindi ka lagi makakatanggap ng isang abiso ng aksyon. Walang mga deadline sa pag-file ng apela kapag hindi ka nakakuha ng abiso ng aksyon; kaya't maaari kang mag-file kahit kailan.

## Kailan Gagawa Ng Desisyon Tungkol Sa Aking Apela?

Dapat magdesisyon ang MHP tungkol sa iyong apela sa loob ng 45 araw mula sa panahong natanggap ng MHP ang iyong kahilingan para sa apela. Ang mga iskedyul ay maaaring pahabain ng hanggang 14 kalendaryong araw kung humiling ka ng karagdagang panahon, o kung sa palagay ng MHP ay kailangan pa ng karagdagang impormasyon at ang pagpapaliban ay para sa iyong benepisyo. Isang halimbawa ng kung kailan para sa iyong benepisyo ang pagpapaliban ay kapag inaakala ng MHP na maaaring maaprubahan nito ang iyong apela kung ang MHP ay mayroon sanang kaunting karagdagang panahon upang makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa iyong tagapagbigay.

## Paano Kung Hindi Ako Makahintay Ng 45 Araw Para Sa Desisyon Sa Aking Apela?

Ang proseso ng apela ay maaaring mas mabilis kung ito ay kwalipikado para sa pinabilis na proseso ng mga apela. (Mangyaring tingnan ang bahagi ng Mga Pinabilis na Apela sa ibaba.)

## Ano Ang Pinabilis Na Apela?

Ang pinabilis na apela ay isang mas mabilis na paraan upang magpasiya sa apela. Ang proseso ng mga pinabilis na apela ay sumusunod sa isang proseso na katulad ng proseso para sa mga karaniwang apela. Gayunman,

- Ang iyong apela ay dapat tumupad sa mga takdang pangangailangan (tingnan sa ibaba).
- Ang proseso ng mga pinabilis na apela ay sumusunod din sa mga deadline na naiiba sa mga deadline para sa mga karaniwang apela.
- Makakagawa ka ng isang pasalitang kahilingan para sa isang pinabilis na apela. Hindi mo kailangan pang isulat ang iyong kahilingan para sa pinabilis na apela.

## Kailan Ako Maaaring Mag-file Ng Pinabilis Na Apela?

Kung sa palagay mo'y maisasapanganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o makuha muli ang maximum function (pinakahigit na mabuting kalagayan) sa paghihintay ng 45 araw, maaari kang humingi ng pinabilis na apela. Kung sumang-ayon ang MHP na ang iyong apela ay tumutupad sa mga pangangailangan ng isang pinabilis na apela, pagpapasiyahan ng iyong MHP ang iyong pinabilis na apela sa loob ng 3 araw ng trabaho matapos matanggap ng MHP ang pinabilis na apela. Ang mga iskedyul ay maaaring pahabain ng hanggang 14 kalendaryong araw kung humiling ka ng karagdagang panahon, o kung sa palagay ng MHP ay kailangan pa ng karagdagang impormasyon at ang pagpapaliban ay para sa iyong benepisyo. Kung pinahaba ng iyong MHP ang mg panahon, bibigyan ka ng MHP ng nakasulat na pagpapaliwanag kung bakit pinahaba ang mga panahon.

Kung nagpasiya ang MHP na ang iyong apela ay ‘di-kwalipikado para sa isang pinabilis na apela, sasabihin kaagad sa iyo ng MHP nang pasalita o nang nakasulat sa loob ng 2 kalendaryong araw. Pagkatapos ay susunod ang iyong apela sa mga iskedyul ng karaniwang apela na nakalagay sa naunang bahagi ng seksyon na ito. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng MHP na ang iyong apela ay hindi tumutupad sa mga pamantayan ng pinabilis na apela, maaari kang mag-file ng karaingan (tingnan ang paglalarawan ng proseso ng karaingan sa ibaba).

Kapag nagdesisyon na ang iyong MHP tungkol sa iyong pinabilis na apela, sasabihin ng MHP sa iyo at sa lahat ng mga apektadong partido nang pasalita at nang nakasulat.

# ANG MGA PROSESO NG STATE FAIR HEARING
(Karaniwan at Pinabilis)

## Ano Ang Isang State Fair Hearing?
Ang State Fair Hearing Process (Proseso ng Makatarungang Paglilitis ng Estado) ay isang nagsasariling pagbabalik-aral na isinasagawa ng California Department of Social Services (Kagawaran ng mga Panlipunang Serbisyo sa California) upang siguraduhin na natatanggap mo ang mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na kwalipikado kang matanggap sa ilalim ng programa ng Medi-Cal.

## Ano Ang Aking Mga Karapatan Sa State Fair Hearing?
**Mayroon kang karapatang:**



- Magkaroon ng hearing (paglilitis) sa harap ng California Department of Social Services (tinatawag ding isang State Fair Hearing)
- Sabihan kung paano humiling ng isang State Fair Hearing
- Sabihan kung ano ang mga patakaran na namamahala sa pangangatawan sa State Fair Hearing
- Hayaang maipagpatuloy ang iyong mga benepisyo sa iyong kahilingan habang isinasagawa ang State Fair Hearing na proseso kung humingi ka ng isang State Fair Hearing sa loob ng iniaatas na mga iskedyul

## Kailan Ako Maaaring Mag-file Ng Isang State Fair Hearing?
**Maaari kang mag-file ng isang State Fair Hearing:**
- Kung nakumpleto mo na ang proseso ng Karaingan at/o Apela ng MHP.
- Kung ang iyong MHP o ang isa sa mga tagapagbigay ng MHP ay nagpasiya na hindi ka kwalipikadong tumanggap ng anumang mga espesyal na serbisyo ng Medi-Cal sa pangkaisipang kalusugan dahil hindi mo natutupad ang pamantayan ng pagiging medikal na pangangailangan. (Tingnan ang pahina 21 para sa impormasyon tungkol sa medikal na pangangailangan.)
- Kung sa palagay ng iyong tagapagbigay ay kailangan mo ng serbisyo sa espesyal na pangkaisipang kalusugan at humingi ito ng pahintulot sa MHP, ngunit hindi sumang-ayon ang MHP at nagsabi ito ng “hindi” sa kahilingan ng iyong tagapagbigay, o pinalitan nito ang uri o kadalasan ng serbisyo.
- Kung humingi ang iyong tagapagbigay ng pahintulot mula sa MHP, ngunit kailangan ng MHP ng karagdagang impormasyon upang gumawa ng desisyon at hindi nito kinumpleto ang proseso ng pahintulot sa tamang panahon.
- Kung hindi nagbigay sa iyo ang iyong MHP ng mga serbisyo batay sa mga iskedyul na itinakda ng MHP.
- Kung sa palagay mo ay mabagal magbigay sa iyo ng mga serbisyo ang MHP.
- Kung ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas nang nasa panahon.
- Kung ikaw at ang iyong tagapagbigay ay hindi nagkasunduan sa mga serbisyo na kailangan mo

## Paano Ako Hihiling Ng Isang State Fair Hearing?

**Maaari kang humiling ng isang State Fair Hearing mismo mula sa California Department of Social Services. Maaari kang humingi ng isang State Fair Hearing sa pamamagitan ng pagsulat sa:**

State Hearing Division
California Department of Social Services
P.O. Box 9424443, Mail Station 19-37
Sacramento, CA 94244-2430

Upang humiling ng isang State Fair Hearing, maaari ka ring tumawag sa (800) 952-5253, magpadala ng fax sa (916) 229-4110, o sumulat sa Department of Social Services/State Hearings Division, P.O. Box 944243, Mail Station 19-37, Sacramento, CA 94244-2430.

## Mayroon Bang Deadline Sa Pag-file Ng Isang State Fair Hearing?

Kung hindi ka nakatanggap ng abiso ng aksyon, maaari kang mag-file para sa isang State Fair Hearing kahit kailan.

## Maaari Ko Bang Ipagpatuloy Ang mga Serbisyo Habang Ako'y Naghihintay Sa Desisyon Ng Isang State Fair Hearing?

Maaari mong ipagpatuloy ang mga serbisyo habang ikaw ay naghihintay sa desisyon ng State Fair Hearing kung sa palagay ng iyong tagapagbigay ay kailangang magpatuloy ang serbisyo sa espesyal na pangkaisipang kalusugan na natatanggap mo na at humingi ito ng pahintulot sa MHP na magpatuloy, ngunit hindi sumang-ayon ang MHP at nagsabi ito ng "hindi" sa kahilingan ng iyong tagapagbigay, o pinalitan nito ang uri o kadalasan ng serbisyo na hiniling ng tagapagbigay. Lagi kang makakatanggap ng abiso ng aksyon mula sa MHP kapag nangyari ito. At hindi mo kailangang bayaran ang mga serbisyo na ibinigay habang hindi pa tapos ang State Fair Hearing.

## Ano Ang Kailangan Kong Gawin Kung Gusto Kong Ipagpatuloy Ang Mga Serbisyo Habang Ako'y Naghihintay Sa Desisyon Ng Isang State Fair Hearing?

Kung gusto mong ipagpatuloy ang mga serbisyo habang isinasagawa ang proseso ng State Fair Hearing, dapat kang humiling ng isang State Fair Hearing sa loob ng 10 araw mula petsa na ang iyong abiso ng aksyon ay ikinoreo o personal na ibinigay sa iyo.

## Paano Kung Hindi Ako Makahintay Ng 90 Araw Para Sa Desisyon Sa Aking State Fair Hearing?

Maaari kang humingi ng pinabilis (mas mabilis) na State Fair Hearing kung sa palagay mo ay ang karaniwang 90-araw na iskedyul ay magiging sanhi ng mga malubhang problema sa iyong pangkaisipang kalusugan, kabilang ang mga problema sa iyong kakayahang makamit, mapanatili, o makuha muli ang mga kilos na mahalaga sa buhay. Pagbabalik-aralan ng Department of Social Services, State Hearings Division, ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na State Fair Hearing at magpapasiya ito kung ito ay kwalipikado. Kung inaprubahan ang iyong kahilingan para sa pinabilis na paglilitis, magtatanghal ng paglilitis at ang desisyon sa paglilitis ay ibibigay sa loob ng 3 araw ng trabaho ng petsa ng pagtanggap ng State Hearings Division sa iyong kahilingan.

***Noong 2003, nagbago ang ilan sa mga salitang gamit upang ilarawan ang mga proseso ng MHP upang tulungan kang lutasin ang mga problema sa MHP. Mangyaring tandaan na hindi ka matutulungan ng mga State Fair Hearing sa mga problema para kung saan ikaw ay makakapag-file ng karaingan. Hindi ka na maaaring humiling ng isang State Fair Hearing kahit kailan habang isinasagawa ang proseso ng Karaingan o Apela.***

## Ano Ang Isang Karaingan?

Ang karaingan ay isang pagpapahiwatig ng kawalan ng kasiyahan tungkol sa kahit anong bagay hinggil sa iyong mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na hindi isa sa mga problema na sinasaklaw ng mga proseso ng Apela at State Fair Hearing (tingnan ang mga pahina 23 at 26 para sa impormasyon tungkol sa mga proseso ng Apela at State Fair Hearing).

**Ang proseso ng karaingan ay:**

- May mga simple at madaling maintindihang mga pamamaraan na nagbibigay sa iyo ng pagkakataong ibigay ang iyong karaingan nang pasalita o nang nakasulat.
- Hindi magagamit laban sa iyo o sa iyong tagapagbigay sa anumang paraan.
- Nagbibigay sa iyo ng pagkakataong pahintulutan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang iyong tagapagbigay. Kung pinahintulutan mo ang ibang tao na kumilos para sa iyo, maaari kang hilingin ng MHP na lumagda sa isang pormularyo na nagpapahintulot sa MHP na ibigay ang impormasyon sa taong iyon.
- Makakasigurado na ang mga taong gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong gawin ito at sila'y walang kinalaman sa anumang dating antas ng pagbabalik-aral o paggawa ng desisyon.
- Magsasabi kung ano ang mga gagampanan at pananagutan mo, ng iyong MHP, at ng iyong tagapagbigay
- Magbibigay ng desisyon para sa karaingan sa loob ng kinakailangang iksedyul.

## Kailan Ako Maaaring Mag-file Ng Karaingan?

Maaari kang mag-file ng karaingan sa MHP kung ikaw ay hindi nasisiyahan sa mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na natatanggap mo mula sa MHP o kung mayroong ibang bagay na nakagagambala sa iyo hinggil sa MHP.

## Paano Ako Maaaring Mag-file Ng Karaingan?

Maaari mong tawagan ang walang bayad na telepono ng MHP ng iyong county upang makakuha ng tulong sa isang karaingan.agbibigay ang MHP ng may address na na mga sobre sa lahat ng mga kinaroroonan ng tagapagbigay upang maikoreo mo ang iyong karaingan. Ang mga karaingan ay maaaring i-file nang pasalita o nang nakasulat. Ang mga pasalitang karaingan ay hindi kailangang sundan ng nakasulat na karaingan.

## Paano Ko Malalaman Kung Natanggap Ng MHP Ang Aking Karaingan?

Ipaaalam sa iyo ng iyong MHP na natanggap nito ang iyong karaingan sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na pagpapatunay.

## Kailangan Gagawa Ng Desisyon Tungkol Sa Aking Karaingan?

Dapat magdesisyon ang MHP tungkol sa iyong karaingan sa loob ng 60 kalendaryong araw mula sa petsa ng pag-file mo sa iyong karaingan. Ang mga iskedyul ay maaaring pahabain ng hanggang 14 kalendaryong araw kung

humiling ka ng karagdagang panahon, o kung sa palagay ng MHP ay kailangan pa ng karagdagang impormasyon at ang pagpapaliban ay para sa iyong ikabubuti.

## Paano Ko Malalaman Na Nakagawa Na Ng Desisyon Ang MHP Tungkol Sa Aking Karaingan?

Kapag nakagawa na ng desisyon hinggil sa iyong karaingan, makakatanggap ka o ang iyong kinatawan ng sulat mula sa MHP tungkol sa desisyon. Kung hindi nasabi ng iyong MHP sa iyo o sa sinumang mga apektadong partido sa tamang panahon ang desisyon sa karaingan, bibigyan ka ng MHP ng isang abiso ng aksyon na magsasabi sa iyo na ikaw ay may karapatang humiling ng isang State Fair Hearing. Bibigyan ka ng iyong MHP ng isang abiso ng aksyon sa petsa kung kailan matatapos ang iskedyul.

## May Deadline Ba Upang Mag-file Ng Isang Karaingan?

Maaari kang mag-file ng karaingan kahit kailan.

## Ano Ang Aking Mga Karapatan?

**Bilang isang taong kwalipikado sa Medi-Cal, mayroon kang karapatang tumanggap mula sa MHP ng mga medikal na kinakailangang espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Kapag kinukuha ang mga serbisyong ito, mayroon kang karapatang:**



- Tratuhin nang may galang sa pagkatao at galang sa iyong dangal at pagka-pribado.
- Makakuha ng impormasyon tungkol sa mga makukuhang opsyon sa paggamot at mga alternatibo; at masabihan tungkol dito sa isang paraang nauunawaan mo.
- Lumahok sa mga desisyon hinggil sa pangangalaga ng iyong pangkaisipang kalusugan, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpipigil o pagkakahiwalay na ginagamit bilang paraan ng pagpilit, disiplina, pagiging madali, parusa, o ganti, tulad ng nakatakda sa mga pederal na patakaran tungkol sa paggamit ng mga pagpipigil at pagkakahiwalay sa mga pasilidad tulad ng mga ospital, mga narsing na pasilidad, at mga tinitirahang pasilidad para sa sikiyatrikong paggamot kung saan ka mananatili ng isang gabi sa ospital.
- Humiling at tumanggap ng isang kopya ng iyong mga medikal rekord, at humiling na ang mga ito'y baguhin o ayusin
- Tumanggap ng impormasyon sa buklet na ito tungkol sa mga serbisyo na sinasaklaw ng MHP, o ibang mga obligasyon ng MHP at iyong mga karapatan tulad ng nakalarawan dito. Mayroon ka ring karapatang tanggapin ang impormasyong ito at ibang impormasyon na ibinigay sa iyo ng MHP sa isang anyo na madaling maunawaan. Ang ibig sabihin nito, halimbawa, ay dapat ilathala ng MHP ang kanyang nakasulat na impormasyon sa mga wika na ginagamit ng kahit man lamang 5 porsyento o 3,000, alinman ang mas kaunti, ng mga taong kwalipikado sa Medi-Cal sa county ng MHP, at magbigay ng mga libreng serbisyo ng mga interpreter (tagasalin) para sa mga taong nagsasalita ng mga ibang wika. Ang ibig din sabihin nito ay dapat magbigay ang MHP ng iba't-ibang mga materyales sa mga taong may mga espesyal na pangangailangan, tulad ng mga taong bulag o may kapansanan sa paningin, o mga taong nahihirapang magbasa.
- Makatanggap ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan mula sa isang MHP na sumusunod sa mga pangangailangan ng kanyang kontrata sa Estado sa mga paksa tulad ng pagkakaroon ng mga serbisyo, kasiguruhan ng pagkakaroon ng sapat na kapasidad at mga serbisyo, koordinasyon at pagpapatuloy ng pangangalaga, at coverage at pahintulot sa mga serbisyo. Ang MHP ay inaatasang:
    - Kumuha o magkaroon ng mga nakasulat na kontrata sa sapat na bilang ng mga tagapagbigay upang siguraduhin na ang lahat ng mga taong kwalipikado sa Medi-Cal na kwalipikado para sa mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan ay makakatanggap ng mga ito sa angkop na panahon.
    - Saklawin para sa iyo sa angkop na panahon ang mga serbisyong medikal na kinakailangan na wala sa network, kung ang MHP ay walang empleyado o kinontratang tagapagbigay na makapagbibigay ng mga serbisyong ito. Ang "wala sa network na tagapagbigay" ay nangangahulugang isang tagapagbigay na wala sa listahan ng tagapagbigay ng MHP. Dapat

siguraduhin ng MHP na hindi ka magbabayad nang anumang extra para magpunta sa isang tagapagbigay na wala sa network.
- Siguraduhin na ang mga tagapagbigay ay kwalipikadong magbigay ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na sinang-ayunan ng mga tagapagbigay na saklawin.
- Siguraduhin na ang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na sinasaklaw ng MHP ay sapat sa halaga, katagalan, at kalawakan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong kwalipikado sa Medi-Cal na pinagsisilbihan nito. Kabilang dito ang paninigurado na ang sistema ng MHP para sa pagpapahintulot ng pagbayad sa mga serbisyo ay batay sa pagiging medikal na pangangailangan at gumagamit ng mga proseso na naninigurado ng makatwirang aplikasyon ng pamantayan ng medikal na pangangailangan.
- Siguraduhin na ang kanyang mga tagapagbigay ay nagsasagawa ng mga sapat na pagtatasa ng mga taong maaaring tumanggap ng mga serbisyo at makipagtulungan sa mga taong tatanggap ng mga serbisyo upang magdebelop ng isang plano ng paggamot kung saan kabilang ang mga layunin ng paggamot at mga serbisyo na ibibigay.
- Magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikado propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan sa loob ng network ng MHP, o isa sa labas ng network, nang walang karagdagang gastos sa iyo.
- Pagtugmain ang mga serbisyo na ibinibigay nito sa mga serbisyo na ibinibigay sa isang tao sa pamamagitan ng isang plano sa kalusugan para sa pinamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o sa isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga, kung kinakailangan, at sa proseso ng koordinasyon, siguraduhin na ang pagka-pribado ng bawat taong tumatanggap ng mga serbisyo ay protektado tulad ng nakatakda sa mga pederal na patakaran tungkol sa pagka-pribado ng impormasyon sa kalusugan.
- Magbigay ng napapanahong access sa pangangalaga, kabilang ang pagbigay ng mga serbisyo 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo, kapag medikal na kinakailangan upang gamutin ang isang emergency na sikiyatrikong kondisyon o isang madalian o krisis na kondisyon.
- Lumahok sa mga pagsisikap ng Estado na itaguyod ang pagbigay ng mga serbisyo sa isang paraang sensitibo sa kultura sa lahat ng mga nakarehistro, kabilang ang mga may kaunti lamang na kaalaman sa Ingles at iba't-ibang kultura at etnikong pinanggalingan

Dapat siguraduhin ng iyong MHP na ang iyong paggamot ay hindi naaapekto sa masamang paraan bilang resulta ng paggamit mo ng iyong mga karapatan. Ang iyong Plano sa Pangkaisipang Kalusugan ay iniaatas na sumunod sa ibang angkop na mga Pederal at Estadong batas (tulad ng: Titulo VI ng Civil Rights Act of 1964 tulad ng isinagawa ng mga regulasyon sa 45, CFR, Part 80; ang Age Discrimination Act of 1975 tulad ng isinagawa ng mga regulasyon sa 45, CFR, Part 91; ang Rehabilitation Act of 1973; at ang mga Titulo II at III ng Americans with Disabilities Act) at mga karapatang nakalarawan dito. Maaaring mayroon kang mga karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa paggamot ng pangkaisipang kalusugan; kontakin mo ang Patients' Rights Advocate (Tagapagtanggol ng mga Karapatan ng Pasyente) ng iyong county (tawagan mo ang kagawaran ng pangkaisipang kalusugan ng iyong county na nakalista sa lokal na direktoryo at hilingin ang Patients' Rights Advocate) at magtanong ng mga takdang katanungan.



## Ano Ang Isang Paunang Tagubilin?

Mayroon kang karapatang magkaroon ng paunang tagubilin. Ang isang paunang tagubilin ay isang nakasulat na tagubilin tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Karaniwang sinasabi nito kung paano mo gustong makuha ang pangangalaga sa kalusugan, o sinasabi sa iyo kung ano ang mga desisyon na gusto mong magawa, kung o kapag hindi ka nakapagsasalita para sa iyong sarili. Minsan ay maririnig mong inilalarawan ang paunang tagubilin bilang isang living will o durable power of attorney.

Ayon sa batas ng California, ang isang paunang tagubilin ay isang pasalita o nakasulat na pansariling tagubilin sa pangangalaga sa kalusugan o isang power of attorney (isang nakasulat na dokumento na nagbibigay sa isang tao ng pahintulot na gumawa ng mga desisyon para sa iyo). Ang lahat ng mga MHP ay iniaatas na magkaroon sa lugar ng mga polisa tungkol sa paunang tagubilin. Ang iyong MHP ay iniaatas na magbigay sa sinumang taong may sapat na gulang na kwalipikado sa Medi-Cal ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga polisa ng MHP sa paunang tagubilin at isang paglalarawan ng angkop na batas ng estado, kung hiniling ng taong may sapat na gulang ang impormasyon. Kung gusto mong humingi ng impormasyon, dapat mong tawagan ang walang bayad na telepono ng iyong MHP na nakalista sa harap na bahagi ng buklet na ito para sa karagdagang impormasyon.


Ang paunang tagubilin ay dinisenyo upang bigyan ang mga tao ng pagkakataong kontrolahin ang kanilang sariling paggamot, lalo na kapag hindi sila makapagbigay ng mga tagubilin tungkol sa kanilang sariling pangangalaga. Ito ay isang legal na dokumento na nagbibigay sa mga tao ng pagkakataong magsabi, nang pauna, kung ano ang kanilang mga magiging kahilingan kung sakaling mawalan sila ng kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa pangangalaga sa kalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang tumanggap o tumanggi ng medikal na paggamot, operasyon, o pumili ng ibang bagay hinggil sa pangangalaga sa kalusugan. Sa California, ang paunang tagubilin ay may dalawang bahagi:

1. Ang pagpili mo ng isang ahente (isang tao) na gagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan; at
2. Ang iyong mga tagubilin tungkol sa pansariling pangangalaga sa kalusugan

Kung mayroon kang reklamo tungkol sa mga pangangailangan sa paunang tagubilin, maaari mong kontakin ang California Department of Public Health, Licensing and Certification Division, sa pamamagitan ng pagtawag sa **(800) 236-9747** o ng pagkoreo sa P.O. Box 997434, MS 3202, Sacramento, California 95899-7434.

# PAGIGING SENSITIBO SA KULTURA

## Bakit Mahalaga Ang Pagiging Sensitibo Sa Kultura At Ang Pagkuha ng Impormasyon sa Ibang Wika?





Kabilang sa isang sistema ng pangkaisipang kalusugan na sensitibo sa kultura ang mga kakayahan, mga pakikitungo, at mga polisa na titiyak na ang mga pangangailangan ng lahat ay tinutugunan sa isang lipunan ng iba't-ibang mga pinahahalagahan, mga paniniwala, at mga oryentasyon, at iba't-ibang lahi, mga relihiyon, at mga wika. Ito'y isang sistema na nagpapahusay sa kalidad ng pangangalaga para sa lahat ng mga iba't-ibang tao ng California at nagbibigay sa kanila ng pagkaunawa at galang para sa mga ganoong pagkakaiba.

Ang MHP ng iyong county ang may pananagutan sa pagbigay sa mga taong sinisilbihan nito ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na sensitibo sa kultura at nakapagbibigay serbisyo sa iba't-ibang wika. Halimbawa: ang mga taong hindi nagsasalita ng Ingles o nagsasalita lamang ng kaunting Ingles ay may karapatang tumanggap ng mga serbisyo sa wikang gusto nila at may karapatang humiling ng isang tagasalin. Kung hiniling ang isang interpreter (tagasalin), dapat magkaloob ng isa nang walang gastos. Ang mga taong naghahanap ng mga serbisyo ay hindi kailangang magdala ng kanilang sariling interpreter. Ang nakasulat at pasalitang pagsasalin sa ibang wika ng iyong mga karapatan, mga benepisyo at mga paggamot ay makukuha sa wikang gusto mo. Ang impormasyon ay makukuha rin sa mga alternatibong format kung ang isang tao ay hindi makabasa o may kapansan sa paningin. Ang harap na bahagi ng buklet na ito ay nagsasabi sa iyo kung paano makukuha ang impormasyon na ito.

Ang MHP ng iyong county ay inaatasang:

- Magbigay ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa wikang gusto mo.
- Magbigay ng mga pagtatasa at mga paggamot na sensitibo sa kultura.
- Magbigay ng kombinasyon ng mga paglapit sa tao na ispesipiko para sa kultura upang tugunan ang mga iba't-ibang pangangailangan sa kultura na mayroon sa county ng MHP upang lumikha ng isang sistemang ligtas at tumutugon sa kultura.
- Magsikap na bawasan ang mga hadlang dahil sa wika.
- Magsikap na tugunan ang mga pangangailangang ispesipiko para sa kultura ng bawat tao na tumatanggap ng mga serbisyo.
- Magbigay ng mga serbisyo na sensitibo sa mga ispesipikong pagtingin ng iba't-ibang kultura sa sakit at kawalan ng sakit.
- Isaalang-alang ang iyong pangmunduhang pagtingin kapag nagbibigay sa iyo ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan.
- Magkaroon ng proseso upang maturuan ang mga empleyado at kinontrata ng MHP kung ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng sakit sa isip mula sa pagtingin ng mga taong may sakit sa isip.
- Magbigay ng listahan ng mga kultural/pangwikang serbisyo na makukuha sa pamamagitan ng iyong MHP.
- Magbigay ng listahan ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at iba pang mga serbisyo ng MHP na makukuha sa iyong pangunahing wika (inayos ayon sa lugar at mga ibinibigay na serbisyo.)
- Magbigay ng walang bayad na mga pasalitang serbisyo sa pagsasalin. Ito ay umaaplay sa lahat ng mga wikang hindi Ingles.
- Magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga threshold languages (mga wikang sinasalita ng kahit man lamang 3,000), mga alternatibong format, at sa isang angkop na paraan na nagsasaalang-alang sa mga espesyal na pangangailangan ng mga tao na halimbawa ay may kapansanan sa paningin o hindi gaanong marunong magbasa.

***Ang mga taong hindi nagsasalita ng Ingles o nagsasalita lamang ng kaunting Ingles ay may karapatang tumanggap ng mga serbisyo sa wikang gusto nila at may karapatang humiling ng isang tagasalin.***

- Magbigay ng pang-buong estadong walang bayad na telepono na matatawagan 24 oras bawat araw, pitong araw bawa’t linggo, sa iyong wika upang mabigyan ka ng impormasyon tungkol sa kung paano kukuha ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Kabilang dito ang mga serbisyong kinakailangan upang gamutin ang isang madaliang kondisyon, at kung paano gagamitin ang mga proseso ng MHP sa paglutas ng problema at ang proseso ng State Fair Hearing.
- Malaman kahit man lamang isang beses sa isang taon kung sa palagay ng mga tao mula sa mga komunidad na may iba’t-ibang kultura, etnikong pinanggalingan, at iba’t-ibang wika na ang mga benepisyo na natatanggap nila mula sa mga serbisyo ay katulad din ng mga natatanggap ng ibang tao sa pangkalahatan.

## Paano Ako Makakatanggap Ng Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan?

Kung sa palagay mo ay kailangan mo ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, makakakuha ka ng mga serbisyo sa pamamagitan ng paghiling sa mga ito mula sa MHP para sa iyong sarili. Matatawagan mo ang walang bayad na telepono ng iyong MHP na nakalista sa harap na bahagi ng buklet na ito. Ang harap na bahagi ng buklet na ito at ang seksyon na tinatawag na "Mga Serbisyo" sa pahina 9 ng buklet na ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo at kung paano sila makukuha mula sa MHP.

Maaari ka ring isangguni sa iyong MHP para sa mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa mga ibang paraan. Ang iyong MHP ay inaatasang tumanggap ng mga referral para sa mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan mula sa mga doktor at ibang mga tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga na nagpapalagay na maaaring kailangan mo ang kanilang mga serbisyo, at mula sa iyong plano sa kalusugan para sa pinamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal, kung ikaw ay isang miyembro. Karaniwan ay kakailanganin ng tagapagbigay o ng plano sa kalusugan para sa pinamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal ang iyong pahintulot o ang pahintiulot ng magulang o caregiver ng isang bata upang gawin ang referral, maliban kung may emergency. Ang ibang mga tao at mga organisasyon ay maaari ring gumawa ng mga referral sa MHP, kabilang ang mga paaralan; mga kagawaran ng county welfare (kapakanan ng county) o mga panlipunang serbisyo; mga nagkokonserba, mga tagapag-alaga, o mga kapamilya; at mga ahensiyang nagsasapatupad ng batas.

***Mangyaring tingnan ang direktoryo ng mga tagapagbigay pagkatapos ng seksyon na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paksang ito, o ang harap na bahagi ng buklet na ito na may impormasyon tungkol sa takdang pahintulot ng iyong MHP o impormasyon tungkol sa referral.***

## Paano Ako Hahanap Ng Isang Tagapagbigay Para Sa Mga Espesyal Na Serbisyo Sa Pangkaisipang Kalusugan Na Kailangan Ko?

Iaatas sa iyo ng ilang mga MHP na tumanggap ng pahintulot mula sa MHP ng iyong county bago mo kontakin ang isang tagapagbigay ng serbisyo. Isasangguni ka ng ilang mga MHP sa isang tagapagbigay na handang makipagkita sa iyo. Pinahihintulutan ka ng ibang MHP na kontakin nang tuwiran ang isang tagapagbigay.

Maaaring takdaan ng MHP ang iyong mga mapipiling tagapagbigay. Ang MHP ng iyong county ay dapat magbigay sa iyo ng pagkakataong pumili sa alinman sa dalawang tagapagbigay kapag una kang nag-umpisa sa mga serbisyo, maliban kung ang MHP ay may magandang dahilan kung bakit hindi ito makapagbigay ng mapagpipilian, halimbawa, may iisa lamang na tagapagbigay na makapagbibigay ng serbisyo na kailangan mo. Dapat ding pahintulutan ka ng iyong MHP na palitan ang mga tagapagbigay. Kapag hiniling mong palitan ang mga tagapagbigay, dapat kang pahintulutan ng MHP na pumili sa alinman sa kahit man lamang dalawang tagapagbigay, maliban kung may magandang dahilan na hindi gawin ito.

Minsan ay iniiwan ng mga kinontrata sa MHP ang MHP nang nag-iisa o sa kahilingan ng MHP.  Kapag nangyari ito, kailangang pagsikapin ng MHP na magbigay ng nakasulat na abiso na hininto ang kontrata ng isang tagapagbigay sa MHP sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap o maibigay ang abiso ng paghinto, sa bawa't taong tumanggap ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan mula sa tagapagbigay.

## Kapag Nakahanap Na Ako Ng Tagapagbigay, Maaari Bang Sabihin Ng MHP Sa Tagapagbigay Kung Ano Ang Mga Serbisyong Kinukuha Ko?

Ikaw, ang iyong tagapagbigay at ang MHP ay lahat may masasabi sa kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap sa pamamagitan ng MHP sa pamamagitan ng pagsunod sa pamantayan ng pagiging medikal na pangangailangan at ng listahan ng mga saklaw na serbisyo (tingnan ang mga pahina 21 at 11). Minsan ay iiwanan ng MHP sa iyo at sa tagapagbigay ang pagpapasiya. Sa ibang panahon, maaaring atasan ng MHP ang iyong tagapagbigay na hilingin ang MHP na pagbalik-aralan ang mga dahilan kung bakit sa palagay ng tagapagbigay ay kailangan mo ng serbisyo bago ibigay ang mga serbisyo. Dapat gumamit ang MHP ng isang kwalipikadong propesyonal sa pangkaisipang kalusugan na gawin ang pagbabalik-aral. Ang proseso ng pagbabalik-aral na ito ay tinatawag na proseso ng MHP para sa pagpapahintulot na magbayad.   Iniaatas ng Estado sa MHP na magkaroon ng proseso ng pahintulot para sa day treatment intensive, pang-araw na rehabilitasyon, at therapeutic behavioral services (TBS).

***Kung hindi ka nakakuha sa buklet na ito ng listahan ng mga tagapagbigay, maaari kang humingi ng listahan sa MHP sa pamamagitan ng pagtawag nang libre sa teleponong nasa harap na bahagi ng buklet na ito.***

Ang proseso ng pagpapahintulot ng MHP ay dapat sumunod sa mga takdang iskedyul. Para sa isang karaniwang pahintulot, dapat magpasiya ang MHP tungkol sa kahilingan ng iyong tagapagbigay sa loob ng 14 kalendaryong araw. Kung ikaw o ang iyong tagapagbigay ay humingi o kung sa palagay ng MHP ay nasa iyong ikabubuti na kumuha ng karagdang impormasyon mula sa iyong tagapagbigay, ang panahon ay maaaring pahabain ng hanggang 14 karagdagang  kalendaryong araw. Isang halimbawa ng kung kailan para sa iyong benepisyo ang pagpapaliban ay kapag inaakala ng MHP na maaaring maaprubahan nito ang kahilingan ng iyong tagapagbigay para sa isang pahintulot kung ang MHP ay mayroon sanang karagdagang impormasyon mula sa iyong tagapagbigay at kakailanganing tanggihan nito ang iyong kahilingan kung wala ang impormasyon. Kung pinahaba ng MHP ang panahon, papadalhan ka ng MHP ng nakasulat na abiso tungkol sa pagpapahaba ng panahon.

Kung sa palagay ng iyong tagapagbigay o ng MHP na ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o makuha muli ang maximum function (pinakahigit na mabuting kalagayan) ay masasapanganib ng 14-araw na panahon, dapat gumawa ng desisyon ang MHP sa loob ng 3 araw ng trabaho. Kung ikaw o ang iyong tagapagbigay ay humingi o kung sa palagay ng MHP ay nasa iyong ikabubuti na kumuha ng karagdang impormasyon mula sa iyong tagapagbigay, ang panahon ay maaaring pahabain ng hanggang 14 karagdagang  kalendaryong araw.

Kung hindi gumawa ng desisyon ang MHP sa loob ng panahon na kinakailangan para sa isang karaniwan o pinabilis na kahilingan para sa pahintulot, dapat ka padalhan ng MHP ng isang Abiso ng Aksyon, na magsasabi sa iyo na ang mga serbisyo ay tinanggihan at na maaari kang mag-file ng apela o humingi ng isang State Fair Hearing (tingnan ang pahina 32).

Maaari kang humingi sa MHP ng karagdang impormasyon tungkol sa kanyang proseso ng pahintulot. Tingnan ang harap na bahagi ng buklet na ito upang malaman kung paano humingi ng impormasyon. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng MHP tungkol sa isang proseso ng pahintulot, maaari kang mag-file ng apela sa MHP o humingi ng isang State Fair Hearing (tingnan ang pahina 32).

## Aling Mga Tagapagbigay Ang Ginagamit Ng Aking MHP?

**Ang karamihan ng mga MHP ay gumagamit ng apat na iba't-ibang uring tagapagbigay upang magbigay ng espesyal na mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan. Kabilang sa mga ito ang:**

**Ang Mga Nagsasariling Tagapagbigay:** Mga propesyonal sa pangkaisipang kalusugan, tulad ng mga doktor, na may mga kontrata sa MHP ng iyong county na magbigay ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa isang opisina at/o komunidad.

Mga Grupong Tagapagbigay: Ito ay mga grupo ng mga propesyonal sa pangkaisipang kalusugan na, bilang grupo ng mga propesyonal, ay may mga kontrata sa MHP ng iyong county na magbigay ng mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa isang opisina at/o komunidad.

**Ang Mga Tagapagbigay na Organisasyon:** Ito ay mga klinika ng pangkaisipang kalusugan, mga ahensiya o mga pasilidad na ari o pinatatakbo ng MHP o na may mga kontrata sa MHP ng iyong county na magbigay ng mga serbisyo sa isang opisina at/o komunidad.

**Mga Tagapagbigay na Ospital:** Maaari kang makatanggap ng pangangalaga o mga serbisyo sa isang ospital. Ito ay maaaring maging bahagi ng emergency na paggamot, o dahil ang iyong MHP ay nagbibigay ng mga serbisyong kinakailangan mo sa ganitong lugar.

Kung bago ka pa lamang sa MHP, may kompletong listahan ng mga tagapagbigay sa MHP ng iyong county kasunod ng bahaging ito ng buklet, at naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa kinaroroonan ng mga tagapagbigay, ang mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan na ibinibigay nila, at ibang impormasyon upang matulungan kang makakuha ng pangangalaga, kasama na ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kultura at wika na makukuha mula sa mga tagapagbigay. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga tagapagbigay, tawagan ang walang bayad na telepono ng iyong MHP na nasa harap na bahagi ng buklet na ito.

# Mga Tala

# Mga Web Link

State of California's Medi-Cal program:
**http://www.dhs.ca.gov/mcs/medi-calhome**

State of California Department of Mental Health:
**http://www.dmh.ca.gov**

State of California Department of Health Services:
**http://www.dhs.ca.gov**

Mga Online na Mapagkukunan ng Impormasyon Tungkol sa Kalusugan:
**http://www.dhs.ca.gov/home/hsites/**

U.S. Department of Health and Human Services:
**http://www.os.dhhs.gov**

U.S. Department of Health and Human Services, Substance Abuse and Mental Health Services Administration:
**http://www.samhsa.gov**